# HASAAN

Opisyal na Taunang Refereed Journal sa Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas

Tomo VI. Blg. 1. 2020

*"Sabi Nila at Ayon sa Amin: Lisod Sabton!" Ang mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo sa mga Cebuano at Waray sa Visayas State University*
**Hilda A. Pedrera, Romeo J. Toring, Jr. at Leslie Anne L. Liwanag**

*Varayti ng Wikang Surigaonon: Isang Pagsusuri sa Ponemang /J/ at /Y/*
**Aisah B. Camar**

*Kasaysayang Búhay ni Kapitan Moy (1851-1891) sa Konteksto ng Kasaysayang Marigueño*
**Axle Christien J. Tugano**

*1872-1892: Ang Katwiran at ang Kababalaghan ng Kaayusang Kolonyal sa Trilohiya ng Nobelang Pangkasaysayan ni Gabriel Beato Francisco*
**Christoffer Mitch C. Cerda**

*Mga Talinghaga ng Pagkalinga, Mga Retorika ng Pandemya: Kapangyarihan ng mga Infographic at Tungkulin ng Pagsasalin sa Paglupig ng COVID-19*
**Eugene Y. Evasco**

*Mga Talinghaga ng Saranggola sa Panahon ng Pandemya*
**Mark Anthony S. Angeles**

*Hulagway ng Pagwasak sa Kalikásan at Kapaligiran: Ang mga Eko-Panitikang Manobo na Nagtatanghal ng mga Hámong Ekolohikal*
**Fe S. Bermiso**

*Ugnayan ng mga Ugnayan: Ang Pag-usbong ng Ekokritismo Bilang Batayang Kaisipan sa Panunuring Pampanitikan*
**Ian Mark P. Nibalvos**

*Pagsusuring Moral sa mga Piling Tagpo sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo*
**Clarissa Mae E. Paranas, Niña Jesusa G. Reyes, at Nixon Paul J. Sumaoang**

*Ang Bag-ong Kinaiya sa Pagtuon sa Panahon ng Pandemya ng mga Maristang Gradwadong Mag-aaral sa Filipino*
**Jun Yang Badie**

# Kasaysayang Búhay ni Kapitan Moy (1851-1891) sa Konteksto ng Kasaysayang Mariqueño

**Axle Christien J. Tugano**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**ABSTRAK**

Patúloy nating kolektibong ginugunita ang kadakilaan ng mga bayaning Pilipino sa iba't ibang sektor, panahon at perspektiba ngunit mababatid nating hindi pa rin sapat ang pagpapahalaga sa kanila dahil (1) limitado ang kaalaman hinggil sa kanila, (2) nagiging mailap ang mga datos patungkol sa kanila at (3) higit na binibigyang-pansin ang mga bayaning matagal nang iniangat sa pedestal. Laganap ang pananalambúhay sa mga ganitong bayaning nasa pedestal buhat pa noong panahong kolonyal hanggang sa kasalukuyan. Taliwas dito, itinatampok sa pag-aaral na ito ang kasaysayang búhay ng hindi gaanong kilaláng bayaning si Laureano Guevara o Kapitan Moy. Higit sa pagiging *media clase* ng lipunang Mariqueño, tinugunan niya ang iláng pangangailangan ng kaniyang mga kababayan partikular na kaugnay ng mga suliraning panlipunan. Ang kasaysayang pampook ng Mariquina ay dumaan sa kolonyal na pagbabago sa kalinangan, pamumuhay at maging sa pamamahala. Bagama't mailap ang mga talâ tungkol kay Kapitan Moy, sinikap ng pag-aaral na ito na lagumin ang kalát-kalát na mga impormasyon o talâ tungkol sa kaniyang búhay bílang isang Mariqueño at kung paano niya ipinamalas ang kaniyang kabayanihan sa apatnapung taon niyang búhay (1851-1891) bílang isang ama, asawa, musikero, politiko, negosyante, bayani at isang MARIQUEÑO.

**Mga Susing Salita:** *Kapitan Moy, Kasaysayang Búhay, Laureano Guevara, Mariquina*

**INTRODUKSIYON**

Salaysay ng isang bayan ang salaysay ng isang bayani. Mababanaag na ang pagtatalâ ng búhay ng isang indibidwal ay siyáng pinakamatandang anyo ng kasaysayan (Elumbre 9). Likás na pinahahalagahan ng mga sinaunang Pilipino ang *Kasaysayang Pasalita* na nagdedetalye ng kanilang pakikihamok. Masasalamin din dito ang kolektibong pananaw at pagtingin sa mundo ng mga sinaunang tao (Rosales at Sebastian 7). Kalakip ng pagtatalâng ito ang pagiging bida ng mga pinagpipitagang pangkat ng mga tao sa isang partikular na barangay kung saan nakakabit sa kanila ang responsibilidad na manguna sa pagtatanggol ng pamayanan. Nakatuon ang atensiyon ng mga salaysay sa pakikipagsapalaran at kadakilaan ng isang indibidwal na makikita sa mga lumang talâ partikular na sa mga epiko o guman. Kinilala rin sa mga guman ang mga mandirigmang ahente ng *pangangayaw* at *panggugubat*. Naitalâ ang kanilang mga búhay sa pamamagitan ng mga babaylan o mga sinaunang intelektuwal kaya nga't naging substantibo ang nilalaman dahil nakaugat ito sa kabuoang pangkalinangan ng isang etnikong salinlahi sa Pilipinas (Elumbre 10).

Malinaw na sa pagdating ng mga Español, tinangka nilang wasakin ang tradisyong pangkasaysayan ng mga Proto-Pilipino. Kung inilarawan ang kasaysayan sa panahong dati bílang *salaysay na may saysay para sa sinasalaysayang salinlahi* (Rosales at Sebastian 6), sa panahon naman ng mga Español, isinakonsepto na ito bílang isang agham na mandatoryong susunod sa parametro o panuntunang kolonyal. Sa madaling salita, ang mga sinaunang Pilipinong katulad ng mga babaylan ay nawalan na ng pakikisangkot sa pagsusulat ng kanilang kasaysayan. Nagbagong-bihis ang sinaunang pananalambúhay sa mga bidang indibidwal ng mga guman.

Ipinakilala ng mga Español ang konsepto ng *biografia* (kasabay ng *biographie* ng mga Pranses at *biographia* ng modernong Latin) bílang isang sistematikong agham na tumutuon sa pag-aaral at pagsusulat ng talambúhay (*talâ* at *búhay* ng isang indibidwal) (Javar, Kasaysayang Búhay 1). Napalitán ang mga katutubong guman ng estrukturang kolonyal na nagpakilala sa kadakilaan ng mga santo at beato, pintakasi, at iba pang relihiyoso na naging sentro ng mga talakayan hinggil sa pananalambúhay noong panahong iyon. Naging instrumento rin ito ng ebanghelisasyon ng mga Español sa mga Proto-Pilipino. Isang halimbawa ang pagpapakilala sa *Pasyon* o *Pabasa* bílang kolonyal na guman na iniaawit ang dakilang talambúhay ni Hesu Kristo (Rivera-Mirano 101; Elumbre 10).

Halos walang ipinagkaiba ang templeyt ng pagtatalâ sa indibidwal na búhay sa ilalim ng ng mga humaliling kolonyalistang Amerikano. Mababakas sa dalawang kolonisador ang pagiging *monumentalist* at *orientalist* sa pagsusulat ng pangkasaysayang talambúhay. Higit na bibigyang-paliwanag ang hulí. Katulad ng binabanggit sa akdang *Orientalism* ni Edward Said (1978), likás sa mga kolonisador na gawing bida ang kanilang mga sarili sa pagbibigay ng karunungan sa mga Silanganing ipinagpapalagay nila bílang mga irasyunal, barbaro, at walang progreso.

Sa pagdatal ng kontemporaneong panahon, patúloy pa ring naisasantabi ang pagsusulát ng talambúhay. Nakakaligtaan na ng mga manunulat na bigyang-tuon ang iláng búhay na nakapag-ambag sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino. Hindi ito gaya ng iláng personalidad na kompleto ang dokumentasyon sa kanilang búhay – mula kapanganakan hanggang kamatayan.  Sa kabila ng hindi mabílang na aklat at biyograpiyang naisulat tungkol sa kanila at lalo na sa kanilang mga ginawa, hindi pa rin nauubusan ng mga bagong pag-aaral patungkol sa kanila. Tahasang nakaliligtaan ang pagsusulat ng indibidwal na búhay lalo na yaong mga *unsung hero* sa iba't ibang panahon – yaong mga nasa ibang sektor at laylayan ng lipunang Pilipino. Hindi naman mapasusubalian na sa panahong ito ay nakapako pa rin táyo sa anekdotal at elit-sentrikong perspektiba sa pananalambúhay na nagmula sa Kanluran (Javar, *Kasaysayang Búhay* 1-2). Kung hindi man sa mga elit, laging tuon ng iláng mga pananalambúhay ang mga tanyag na personalidad.

Binigyang-paliwanag halimbawa sa *Panitikan ng Rebolusyong 1896* ni Virgilio S. Almario (2013) ang pagbabantayog sa isang personalidad. Inihalimbawa niya sina Francisco Balagtas at Jose Rizal. Tunay na dinakila ni Rizal si Balagtas bílang huwaran ng tradisyon o mga anyo ng makabayan at kontra-kolonyalistang pagsulat ngunit kung lilingunin ang nakaraan, lagi táyong nakapako sa dalawang magkasunod na bantayog nina Balagtas at Rizal. Laging kailangan ni Balagtas si Rizal upang maging dakila at kilalá. Samantala, hindi na kailangan ni Rizal si Balagtas upang maging dakila dahil isang ganap at walang pinagkakautangang anyo na si Rizal (Almario xiv). Lumilitaw sa bagay na ito ang iláng miskonsepsyon sa pagpapahalaga sa indibidwal. Kung babanghayin ang iláng *Kasaysayang Búhay*, sinisikap ng iláng historyador at mananaliksik (Camara Dery 2008; Navarro at Elumbre, 2014; Navarro, 2015; Navarro at Braganza, 2017; at Tugano, 2017) na sumulat ng mga talambúhay ng isang hindi kilalang personalidad.

Kaya't dito masusumpungan ang pamamayagpag ng *Kasaysayang Búhay* na itinatrato ang talambúhay ng isang indibidwal sa konteksto ng kaniyang kabihasnang

pinagmulan (Navarro, *Bagong Kasaysayan at Kasasayang Bayan* 3). Sumasaliwa at kumakalas ito sa tradisyonal na metodo ng pananalambúhay na ang laging tuon ay ang malalaking tao o angkan sa kasaysayan (Aquino, *Pagbabahagi ng Kuwentong Búhay* 89). Kinakailangang maipook ang talambúhay ng isang indibidwal sa kasaysayan ng kaniyang pamayanan.[1] Bílang paglalapat, sinikap kong pag-aralan ang *Kasaysayang Búhay* ni Laureano Guevara o mas kilala bílang *Kapitan Moy*, isang Mariqueñong tumugon sa pangangailangan ng bayang Mariquina. Bagama't maaaring sabihing kabílang siya sa angkan ng mga elit ngunit hindi mapapasubalian ang kaniyang natatanging ambag sa Mariquina. Liban pa rito, limitado o wala nga sigurong komprehensibong talambúhay ang inilaan para sa kaniya. Sa pananaliksik na ito, sisipatin ang *Kasaysayang Búhay* ni Kapitan Moy sa konteksto ng *Kasaysayang Pampook* ng Mariquina.

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL AT PAGTATALÂ NG MGA BATIS

Naging malawak at makabuluhan ang aking oryentasyon sa paksang ito dahil ako ay lehitimong isinilang sa Mariquina (Marikina ngayon).[2] Sa madaling salita, kababayan kong maituturing si Kapitan Moy. Gayumpaman, hindi lipos ang mga

---

[1] Napapanahon ngayon ang pagsusulat ng *Kasaysayang Búhay* at *Kasaysayang Pampook*. Sa tinuran ni Atoy Navarro (Navarro, *Mga Akdang Likasyan* 34), paksáin ng *Kasaysayang Pampook* ang kasaysayan ng isang barangay, kabayanan, lalawigan o rehiyon na bahagi ng higit na masaklaw na *Kasaysayang Bayan*. Inilalarawan ng *Kasaysayang Bayan* ang kasaysayan ng bansa bìlang holistikong kabahagi ng mga Pilipino. Higit na kailangan ng *Kasaysayang Pampook* ang multidisiplinaryo o interdisiplinaryong metodolohiya upang maging makahulugan ang *Kasaysayang Pasalita* sa pagpapalitaw ng katunayang pangkasaysayan (Tan 25; Kimuell-Gabriel 28).

[2] Sa kabuoang pag-aaral, maraming beses na magagamit ang salitâng "Mari(qu)ina". Sa panahon ni Kapitan Moy, ang bayan ay kinikilala bílang Mariquina. Gagamitin lámang sa pag-aaral ang "Marikina" kung ang aking tinutukoy ay ang moderno at kontemporaneong panahon bagama't kailangang matalakay sa bahaging ito ang etimolohiya o pinagmulan ng pangalang "Mariquina." Maraming kuwentong-bayan ang maririnig tungkol sa pinagmulan ng salitâng ito. Mababanaag sa mga bersiyong ito ang ugat ng Kristiyanisasyon ng Mariquina. Halimbawa, may isang kuwentong may isang paring ang pangalan ay "Mariquina" na nagpatayô ng visita sa Jesus dela Peña. Bílang karangalan, isinunod sa kaniya ang pangalan ng lugar. Tungkol ang ikawalang kuwento sa hindi pagkakaunawaan ng mga paring Español at mga Pilipino sa kanilang pag-usap habang ginagawa ang *visita* ng Jesus dela Peña. Naitanong diumano ng mga pari sa mga Pilipino kung ano ang pangalan ng pook na pinatayuan ng *visita*. Agad sumagot ang mga Pilipino (sa akalang ang itinatanong ay kung ano na ang kalagayan ng itinatayong *visita*) ng "Marikit na po." Makikita ang ibang bersiyon ng etimolohiya sa kuwento ng babaeng si Mari Quina na kinilala ng bayan bílang mayaman at maimpluwensiyang tao. Nagpapaliwanag naman ang huling kuwento na buhat ang salitang "Mariquina" sa isang bayan sa España na matatagpuan sa tabing-ilog ng Charmaga kung saan nagmula ang mga Heswitang dumating sa Pilipinas at nagtatag ng Jesus dela Peña (Cuneta 134). [Binigyang komentaryo ni Atoy Navarro na ang kuwentong ito ay maituturing bilang *Fakelore* (sa halip na *folklore*. Inimbento ng mga Español ang mga ganitong kuwento upang magmukhang sa pagdatal nila nag-umpisa pa lámang ang

babasahín patungkol sa kaniya. Pahapyaw na tinatalakay ang kaniyang maikling talambúhay sa iilang literatura. Kung hindi nadadaplisan, nagiging bahagi lámang ang búhay ni Kapitan Moy bílang kabanata ng mga aklat pambiyograpiya. Sa preliminaryong pagbabasá ng mga dokumento, unang lalabas ang maikling talambúhay ni Kapitan Moy sa anim na pahina ng aklat na *Dictionary of Philippine Biography* (1955 218-223) na isinulat at kinumpini ni E. Arsenio Manuel. Makikita rin si Kapitan Moy sa dalawang pahina ng aklat na *Filipinos in History* (1992 114-115) na inilabas ng *National Historical Institute of the Philippines*. Masusundan ito ng akdang *Silent Storms: Inspiring Lives of 101 Great Filipinos* (2000 209-210) ni Fernando Bernardo na kaniyang muling maitatanghal sa *Gems of Philippine History: Inspiring Lives of 150 Great Filipinos* (2011 268-270). Isang pahinang talambúhay ang inilaan naman ni Salome Bondoc sa kaniyang *The New Philippine Almanac* (2006 124).

Hindi rin mapasusubalian ang mapanghawang tesis ni Aurora de Vera-Tirad na *Ang Angkan at ang Kaniyang Bansag: Pagtugaygay sa Isang Aspekto ng Kasaysayang Kultural ng Marikina* (2007) kung saan nailikom nito ang maikling talambúhay ni Kapitan Moy. Bagama't maituturing lámang itong sub-paksa sa kadahilanang "Kapistahan ng mga Angkan sa Marikina" ang tuon ng kaniyang pag-aaral. Gayundin ang naging disertasyon ni Ma. Concepcion Rapisora-Lagos na pinamagatang *Sapatero in Marikina City: Enacting Economies in the Philippines' Footwear Capital* (2018). Sentro ng nasabing pag-aaral ni Lagos ang naratibo at Kasaysayang Sektoral ng mga sapaterong Mariqueño. Dahil nga si Kapitan Moy ang tinataguriang "Ama ng Industriya ng Sapatos", kaya't pahapyaw na nabanggit sa disertasyon ang talâ tungkol kay Kapitan Moy.

Sa mga nabanggit na pag-aaral, kakaiba ang aking tatangkain at aambagan. Eksklusibong tuon ng pananaliksik na ito ang talambúhay ni Kapitan Moy. Mula sa panahong bago siya isilang; panahon ng kaniyang búhay bílang tao; at panahon ng pagkilala sa kaniya (*posthumous*) ng mga kontemporaneong Mariqueño. Liban pa rito, isasakonteksto ang kaniyang natatanging búhay sa Kasaysayang Mariqueño.[3]

---

*historya* ng Pilipinas. Mainam na magpasubali kung gagámitin ang mga *fakelore* na ito]. Pagsapit ng taóng 1901, sa ilalim ng pamahalaang Amerikano, napalitán ang pangalang "Mariquina" ng "Marikina" kung saan napalitan ang titik "q" ng titik "k" katulad ng isinulong ni Trinidad Pardo de Tavera (Tavera, 1887; Cuneta 134; Mojares 129).

[3] Maiuugnay ang *Kasaysayang Búhay sa Kasaysayang Pampook*. Ayon kay Zeus Salazar (Salazar, 1985), hindi dapat ilimita ang *Kasaysayang Pampook* sa *Kasaysayang Pampolitika*. Dapat isaalang-alang ang mga elementong etniko at ekonomiko-heograpikal (Salazar 42-44). Ang paraan lámang upang maipasok ang *Kasaysayang Búhay* ay hanapin ang mga elitistang indibidwal na nakilahok sa paghawak ng burukratikong kapangyarihan ng isang pook. Mas madali ang ganito kompara sa ipilit na ipasok ang

Malinaw na sa ugnayang tao-panahon-pook, tao ang maituturing bílang kolektibong tagalikha at tagapagpagalaw ng kasaysayan. Bunga ang lipunang tinubuan nito sa kaniyang mga naging pagkilos sa mga nagdaang panahon (Javar, *Kasaysayang Búhay* 1).

Walang primaryang batis ang mababása patungkol sa búhay ni Kapitan Moy. Bukod sa hindi siya katulad nina Rizal at iba pang propagandista, hindi nakapagsulat ng talambúhay, talaangkanan, at anekdota si Kapitan Moy. Ito marahil ang dahilan kung bakit mahirap pag-aralan ang kaniyang búhay. Aking sinimulang sulatin at kumpunihin ang mga sala-salabat na datos patungkol sa kaniya noong 2016. Liban sa pagsipi ng iláng maiikling talambúhay at talâ tungkol sa kaniya, dalawang pangunahing metodo ang nagamit sa kabuoang pag-aaral na ito. Una, ang *Kasaysayang Pasalita*. Mabisang pamamaraan sa pagsusulat ng *Kasaysayang Pampook* ang *Kasaysayang Pasalita* dahil binibigyang-kahulugan ng hulí ang personal na gunita ng mga saksi o kalahok sa kaganapang pangkasaysayan (Ubaldo 74-75). Nagsisilbi itong pampuno sa mga kakulangan ng mga nakasulat na babasahin. Pinahalagahan dito bílang metodo ang aking pakikipagkuwentuhan o pagtatanong-tanong sa iba't ibang tao. Isa itong metodong matagal nang napaunlad ng *Sikolohiyang Pilipino* (Santiago at Enriquez, 1982; de Vera, 1982; Oteza, 1997; Aquino, *Mga Kuwentong Búhay* 2006).

Pangalawa, pinahalagahan din bílang metodo ang pagmamasid. Mula sa aking obserbasyon sa lipunang Mariqueño, musmos pa lámang ako ay naririnig ko na ang pangalan ni Kapitan Moy, Kalye ng Kapitan Moy, Paaralang Kapitan Moy, at Bulwagang Kapitan Moy. Kayâ't mahalaga ang pagmamasid sa pananalisod ng mga paksa at higit sa lahat, ng mga datos sa hinaharap. Ganito ang metodong ginawa ni Winifredo Dagli sa kaniyang tesis na *Pamamaybay sa Ilog Lagnas* (2013) at ni Hermel Pama na '*Ragpa kan Pagkaba'go*' (2014). Gumamit ang nauna ng pamamaybay na ang ibig sabihin ay paglalakad-lakad sa gilid, kasabay nito ang kaniyang oryentasyon

---

*Kasaysayang Buhay* sa konteksto ng *Kasaysayang Bayan* dahil ang hulí ay may anyong kultural at sosyal. Kolektibo ang pagtalakay at hindi sa konseptong *one-man history*. Halimbawa, may tendensiya na laging itampok ang búhay ng mga gobernador sa *Kasaysayang Pampook*. Sa kabilang banda, hindi ito madaling gawin sa *Kasaysayang Bayan* dahil ang titingnan dito ay hindi yaong mga elitistang nasa loob ng politika kundi ang mismong mga katutubong kolektibong bumubuo sa kulturang bayan. Mahirap ipasok ang *Kasaysayang Buhay* sa konteksto ng *Kasaysayang Bayan* sapagkat kultural ang kalikasán nito. Ang kultura ay kolektibo at hindi katulad ng politika na limitado. Hindi pahahalagahan ang isang tao lámang sa *Kasaysayang Bayan* dahil ang higit na mahalaga ay ang kolektibong pagkilos ng bayan. Hindi nalilimita ang *Kasaysayang Búhay* sa politika dahil maiuugnay ito sa iba pang kasaysayang estruktural. Napaghugpong ng *Kasaysayang Búhay* ang *Kasaysayang Pampook*. Mababakas ito sa mga sinaunang kasaysayan, guman, epiko, at tarsila. Halimbawa, ang *Kasaysayang Búhay* ni Lam-Ang ng mga Ilokano o nina Ballituk at Bugan ng mga Ifugao (Dulawan 75) bílang mga epiko ay maituturing na *Kasaysayang Pampook* ng mga Ilokano at Ifugao dahil ang kasaysayan ng mga bayani ay kadalasang ikinakabit sa kasaysayan ng kanilang bayan.

bílang isang musmos na lumaki malapit sa Bundok Banahaw. Samantala, ang hulí ay tumuntong sa metodo ng Bikolanong konsepto ng *paagi-agi* o padaan-daan at palakad-lakad. Isa itong etnograpiya sa pamamagitan ng malimit na pagdaan-daan, suruy-suroy, o pagdadalaw sa pook na pinag-aaralan.

**HAGIOGRAPIYA AT HALOBIYOGRAPIYA:**
**SULIRANIN NG PANANALAMBÚHAY SA HISTORIOGRAPIYANG PILIPINO**

Sa historiyograpiyang Pilipino, mababanaag ang dalawang suliranin. Una rito ay ang *hagiograpiya* o isang kolektibong pananalambúhay tungkol sa mga santo (mula sa kanilang kapanganakan hanggang sa kanilang pagkamartir). Inalisan ng mga Español ang Proto-Pilipino ng pakikisangkot upang magtalâ ng kanilang sariling talambúhay. Ang mga dinadakila noon sa bawat guman sa pamayanang katutubo o maging sa *tarsila* ng pamayanang Muslim ay napalitan ng mga kuwentong kolonyal. Ang pagtatalâ sa indibidwal na búhay ay sumentro na sa kadakilaan ng mga santo at iba pang relihiyoso. Ikinulong naman talaga ng mga Kanluranin ang *hagiograpya* bílang isang sagradong talambúhay (Greer 323) na mula sa pangongolekta ng mga kuwento't himala ng mga santo, kinakailangang maipalabas nila ang oryentasyon dito bílang mga perpektong ehemplo na dapat tularan ng mga katutubo (Cazelles 1; Palmer 41-64). Dinadalumat din sa *hagiograpiya* ang *acta sanctorum* o talâ ng mga trahedya at kabayanihan ng mga santo (Winslow 28-29). Makikita ang ganitong sistema sa pagtuturo ng mga Español tungkol sa búhay ng mga santo, katekismo, at pilosopiya sa paraang indoktrinasyon.

Pangalawa, sa pagpasok naman ng modernong panahon, maituturing bílang suliranin ng pananalambúhay ang *halobiyograpiya*. Isang neolohismong termino ang *halobiyograpiya*. Nagmula ito sa pinagsamang salitang *halo* = bilugang ilustrasyon na inilalagay sa ulo ng larawan o rebulto ng mga santo bílang tanda ng kabanalan at *biyograpiya* = pagsusulat ng búhay. Una ko itong nabasa sa pag-aaral ni Roderick Javar na S*inulat ka Ngunit Kulang: Ilang Historiograpikong Suliranin sa Pananalambúhay Batay sa mga Akdang Nasulat Hinggil sa Pribadong Búhay ni Manuel Luis Quezon* (2014).[4]

[4] Maaaring tingnan ang pag-aaral ni Roderick Javar (2014). Ayon kay Javar, may nabuong bagong naratibo hinggil sa búhay ni dáting Pangulong Manuel L. Quezon. Binigyan niya ng tuon ang pagsusuri sa mga datos at punto-de-bistang ginamit sa kaniyang pag-aaral. Mababása sa nasabing pag-aaral ang pagsusuri sa awtobiograpiya ni Quezon na *The Good Fight* (1946) at ang mga akdang talambuhay na naisulat sa magkakaibang panahon: *Stars of Baler* ni Solomon Gwekoh (1939), *Quezon: Paladin of Philippine Freedom* ni Carlos Quirino (1971), at *Manuel L. Quezon: The Tetulary*

Kung gayon, posibleng tingnan ang *halobiyograpiya* bílang isang pagtrato sa pananalambúhay ng isang kilalang indibidwal o angkan sa perspektibang mala-santo, mala-banal, o perpektong ehemplo na katulad ng naging tunguhin ng *hagiograpiya* noong unang panahon.

Ayon sa kaniya, ang ilan sa mga partikular na historiyograpikong suliranin ay ang *selective mutism* at iláng omisyon sa mga detalye, salungatan o kontradiksyon sa mga datos, at pagreretoke sa imahen ng indibidwal (Javar, *Sinulat ka Ngunit Kulang* 30). Mahalagang isaalang-alang ang *halobiyograpiya* sapagkat saklaw nito ang tendensiyang maisantabi sa pagsusulat ng talambúhay ang iláng negatibong yugto at ang kabaligtaran naman nito ay ang pag-aangat sa isang indibidwal sa pedestal. Mahihinuha ito sa pag-aaral ni Javar (Javar, *Sinulat ka Ngunit Kulang* 31) kung saan binanggit niya ang paglalarawan ni Walt Whitman sa paraan ng pagsusulat ng mga talambúhay noong ika-19 na dantaon. Hindi mababatid sa panahong yaon ang sistematikong metodolohiya sa pagsusulat ng mga talambúhay. Labis niyang kinasusuklaman ang mga biyograpiya sa literatura dahil sa kawalang-kawastuhan ng mga ito. Dumaan ang proseso ng pagsusulat sa kasinungalingan, paglalapat ng retoke, at labis na pagbibida sa isang akda. Maaari ding tingnan bílang suliranin sa pananalambúhay ang mga sumusunod: (1) awtor ng isang talambúhay; (2) komodipikasyon ng larangan na tila isang negosyong pinagkakitaan ng pera; at (3) maaaring mismong táong tinatalakay ng isang talambúhay (Javar, *Sinulat ka Ngunit Kulang* 31). Mababanaag dito ang manipuladong punto-de-vista ng mananalambúhay sa táong kaniyang isinasalaysay. Manipulado ang mga ideang ilalabas ng mananalambúhay na ito lalo pa kung ang kaniyang ginagawan ng talambúhay ay personal na malapít o may relasyon sa kaniya. Ang halimbawa nito ay ang naratibong *posthumous biography* ng isang dáting pangulo na isinulat ng kaniyang dáting kalihim o kaibigan; biyograpiya ng isang magulang na isinulat ng kaniyang anak, kapatid, o asawa; o biyograpiya ng isang maimpluwensyang tao sa politika na isinulat ng dáting kasamahan. Hindi maiiwasang magkakaroon ng iláng omisyon hinggil sa negatibong yugto ng búhay ng táong tinatalakay kung kaya't talagang kuwento lámang ito ng kanilang tagumpay (Elumbre 11).

Malinaw din itong ipinaliwanag ni Zeus Salazar (kay Cruz 2019) na magkaiba

---

*Democrat* ni Aruna Gopinath (1987). May komprehensibong pagtalakay ang akda ni Javar sa iláng panuntunan ng pananalambuhay. Maliliwanagan ang mga mambabása na ang ilan sa mga biyograpiyang Pilipino ay idinikta at minanipula o kinontrol ng iilang tao partikular ng mga elitistang kolonisador. Naging komprehensibo rin ang kaniyang pagtalakay sa halobiyograpiya at iláng mga salik nito.

ang biyograpiya at gunita (*memoir*). Ang una ay pagsasalaysay ng búhay ng isang tao samantalang ang huli ay gunita lámang ng umaalala sa isang yugto ng búhay ng inaalala (Cruz 100). Tinumbok din ni Salazar ang suliraning katulad ng binabanggit ni Javar. Marami sa mga talambúhay ang pinakomisyon ang pagsulat na maaasahan na ngang ang pagsasalaysay ay pabor lámang sa isang tao. Liban pa rito, marami rin ang sumusulat ng biyograpiya ang hindi historyador dahil wala sila diumanong kasanayan sa pagkukumpuni at pagsusuri ng mga datos (Cruz 101).

Naging talamak noong dantaon 19 ang pagsusulát ng talambúhay na nakasentro sa búhay ng mga elit (Elumbre 31). Naglipana ang mga bayarang mananalambúhay na kontrolado ng mga nagsipangumisyon na mayayamang angkan. Hindi maiiwasang manipulado rin ang proseso ng pagsusulat— kung ano ang mga isusulat at hindi. Mahihinuhang maaaring maging suliranin ng talambúhay ang táong mismong tinatalakay sa isang biyograpiya lalo pa't kung iniangat siya sa talakayang panlipunan o nasa antas na ng pedestalisasyon. Mainam na tingnan ang anggulo na nagiging subektibo ang pagsusulat sa kanilang mga kontribusyon sa lipunan.

Bílang paglilinaw, panimulang ipinaliwanag ang suliranin ng pananalambúhay sa bahaging ito upang magsilbing pagtatatwa na ang susulatin kong búhay patungkol kay Kapitan Moy ay hindi idinulot ng anomang personal na interes, pangongomisyon ng kaniyang angkan o kamag-anak, at anupaman. Bagkus, bílang isang natatanging ambag sa pagpupuno ng Kasaysayang Mariqueño.

**MARIQUINA: SINILANGANG BAYAN NI KAPITAN MOY**

Mahalagang silipin ang kasaysayan ng Mariquina upang maisakonteksto ang *Kasaysayang Búhay* ni Kapitan Moy. Katulad ng iláng mga bayani, mahalagang ugatin ang *Kasaysayang Pampook* ng kanilang kinamulatang lipunan. Isang magandang halimbawa nito ay ang pagkakaugnay ng *Kasaysayang Búhay* ni Bonifacio sa *Kasaysayang Pampook* ng Tundo (Kimuell-Gabriel 26-78).

**ANG MARIQUINA NI KAPITAN MOY SA MGA LUMANG DOKUMENTO**

Bibihirang mahanap ang Mariquina sa mga dokumentong naisulat ng mga Español. Mahalagang malaman ito sapagkat ito ang sinilangang bayan ni Kapitan Moy. Sa aking pananalisod at pagsusuyod sa mga dokumento, taóng 1718 nang unang mabanggit sa mga talâ ang Mariquina. Sa ulat ni Casimiro Diaz na *The Augustinian*

*in the Philippines*, 1670-1684 (1718), nabanggit ang Mariquina na humiwalay bílang nagsasariling parokya sa Pasig (na noo'y nakasasakop din sa San Andres Apostol de Cainta) noong Marso 16, 1688 sa pamumuno ni Gobernardor Gabriel de Curucelaegui. Si Padre Jose del Valle ang naging unang ministro nito (Diaz 265-266).[5] Binanggit din dito na ang kasalukuyang San Mateo, Rizal (San Matheo) ang naging luklukan at tirahan ng kapariang nasa Mariquina. Masusosugan din ito sa *Events in the Filipinas*, 1686-88 (w.tn 133-134) at sa *Historia de Filipinas* (1803 384) ni Joaquin Martinez de Zuñiga.

Sa dokumentong inilabas ni Gaspar de San Agustin na *Letter on the Filipinos* (1720), binanggit na dinarayo ang Mariquina bílang páliguan sa tuwing sasapit ang tag-init, panahong hindi kinasanayan ng mga Español (San Agustin 219). Tinataya ko itong Ilog Marikina sa kasalukuyan.

Dalawang dekada pagkatapos nito'y muling mababása ang Mariquina sa talâ ni Juan Francisco de San Antonio na *The Religious Estate in the Philippines* (1738) na pinapatunayang ang Jesus dela Peña (magiging Mariquina) ay sumailalim sa pangangasiwa ng mga Heswita (San Antonio 135) bago sila sibakin sa Pilipinas noong 1768 sa utos ni Gobernador Heneral Jose Raon. Gayumpaman, ang talâng pagbanggit sa Mariquina ukol dito ay muling masusosugan ni Pedro Murillo Velarde sa kaniyang *Jesuit Missions in the Seventeenth Century* (1749 105) at nina Manuel Buzeta at Felipe Bravo sa kanilang *The Ecclesiastical System in the Philippines* (1850 267).

May pagbanggit din sa Mariquina sa ulat ni Juan Delgado na *Religious Conditions of the Islands* (1751-1754) na nagsasabing naging malaking konsentrasyon ang Mariquina ng mga mestizo at sangleyes. Kasabayan ito ng malawakang pandarayuhan ng mga taga-Silan (Silang) at Indang, Cavite sa katabi nitong nayon ng San Matheo (San Mateo, Rizal) (Delgado 170-171).

Pagkatapos nito'y isang dekada ang lumipas bago muling maitalâ ang Mariquina sa mga dokumento. Noong 1763, inilabas ni Manuel Antonio de Rojo y Vieyra sa kaniyang *Rojo's Narrative* (1763) ang salaysay tungkol sa paglisan ni Jose Pedro Busto (dumating sa Pilipinas kasáma si Gobernador Heneral Pedro Manuel

[5] Noong 1572, ang Pasig ay naging sentro ng mga pueblo o centro parroquia kung saan napailalim ang mga visita ng San Nicolas, Pinagbuhatan, Polo, Sagad, Palatino, Agoho, Bambang, Balinao, Tipas, Buting, Mandavala, at Maybonga. Ang visitas ng Maybonga ang siyang sumasakop noon sa sitio ng San Mateo at Mariquina (Ibañez 13).

de Arandia y Santisteban) sa Maynila upang tumungo sa Mariquina. Inudyukan ni Busto ang mga katutubong Mariqueño na magsipag-alsa laban sa mga Ingles na noo'y pinapasok at pinababagsak ang Maynila (Rojo y Vieyra 223). Si Busto ay ang kanang kamay ni Simon de Anda y Salazar (1762-1764), hukom ng Royal Audiencia, na nanguna sa pagpapatalsik sa mga Ingles sa Maynila noong 1762.

Pinakabatang talâ ang naisulat ni Sinibaldo de Mas noong 1843 na may pagbanggit sa Mariquina. Ito ay may kinalaman sa pagsisimula ng edukasyon at pagpapatayô ng paaralan para sa mga katutubong Mariqueño (Mas 250-251).

**SINAUNANG KOMUNIDAD NG MARIQUINA**

Karamihan sa nagsipagtayo ng mga sinaunang kabihasnan ay mababakas sa tabing-ilog o pamayanang *ilaya* at *ilawud* (Veneracion 49). Ito ang pinagkunan nila ng pagkain at iba pang pangangailangang ekonomiko. Kayâ't hindi nakapagtataka kung bakit ang lugar na tinatawag noon bílang Mariquina na nakalatag sa luntiang kabukiran at lambak-ilog ay nakaagaw ng atensiyon sa mga kolonisador na Español para tayuan ng isang komunidad (Lopez 48).

Ayon kay Antonio de Morga (Salcedo 73), nahahati sa dalawang pangkat ang sinaunang mga nanirahan sa Maynila. Matatagpuan ang unang pangkat sa katimugang bahagi ng Pasig na pinamunuan nina Raha Soliman at Raha Matanda. Samantala, naghari ang kabiláng pangkat na pinamunuan ni Bunaw Lakandula sa Bangkusay na bahagi pa rin ngayon ng Tundo (Dery, *A History of the Inarticulate* 8). Sa hulíng pangkat nakabílang ang Mariquina.

Bunga ang dalawang pangkat ng lahing Malayo na may katangiang mapagpahalaga sa kalikasan at pangingisda bílang kabúhayan. Naging maganda ang pamayanang itinayo ng kadatuan sa Ilog Pasig kung kaya't dumami ang mga nagsipagtayo ng pamayanan. Binuksan ng mga pinuno ang daan patungo sa Caloocan, San Mateo, at Mariquina upang bumuo ng mayamang komunidad na katulad ng nasa Pasig. Dahil dito, binansagan nila ang kanilang mga sarili bílang *Taga-Ilog*. Ang ilan pang mga sinaunang pamayanang nabuo malapit sa Mariquina ay ang *Pasong Tamo*, *Culiat*, *Crus na Ligas*, at Pansol (Fayol 264-275).

Nang masakop ni Miguel Lopez de Legaspi ang Maynila noong 1571, iniutos niyang sakupin ang mga bayang malapit sa Maynila upang palaganapin ang Kristiyanismo at pamahalaang kolonyal. Noong una, inihayag ni Legaspi na

palaganapin ang Kristiyanismo sa pamamagitan ng entrada ngunit kalaunan napalitan ito ng katekismo dahil sa napakaraming nabuong pag-aalsa. Sa pagkakatatag ng Maynila noong Hunyo 24, 1571, nagsimulang lumaganap dito ang Kristiyanismo.

Nagtungo at nangagsimisyon ang mga paring Agustino sa mga nasasakupan ng Ilog Pasig at Mariquina partikular na ang mga bayan ng Mariquina, Pasig, San Mateo, Pasay, Pateros, Malabon, at Muntinlupa. Pagkatapos mamatay ni Legaspi, ipinadala ng España ang pamangkin niyang si Juan de Salcedo (Fayol 212). Ipinadala siya sa Cainta, Taytay, at Morong. Sinakop niya ang mga komunidad malapit sa *Bahia Laguna* kagaya ng Taguig, Napindan, Los Baños, at Sta. Cruz.

**HISPANISADONG KOMUNIDAD NG MARIQUINA**

Simula noong 1802, kinapapalooban na ang *Provincia de Tundo* ng dalawampu't dalawang *pueblo*— Tundo at Kalookan, Tambobo at Navotas, Binondo, Santa Cruz, Sampaloc at San Anton, San Miguel, Dilao, San Tiago, Peñafrancia, Pandacan, Santa Ana at San Juan del Monte, San Pedro Macati, Pasig at Pateros, Tagui (Taguig), Muntinlupa, San Mateo, Mariquina, Cainta, Taytay, Antipolo, Bosoboso, Malate at Pasay, Parañaque at Malibay at Las Piñas (Kimuell-Gabriel 42). Sa pagpasok ng taóng 1819, binubuo na ang *Provincia de Tundo* ng dalawampu't pitóng *pueblo* na ang mismong Tundo ang naging *cabecera* nito. Naging mga *pueblo* ang Binondo at San Jose, Tambobong (Malabon), Navotas, Caloocan, Santa Cruz, Quiapo, Sampaloc, Mariquina, San Mateo, Antipolo, Taytay, Cainta, Pasig, San Miguel, Paco, Ermita, Malate, Pasay, Parañaque, Malibay, Santa Ana, Makati, Pateros, Taguig, Boso-Boso, Las Piñas, Pandacan, Muntinlupa, at Payatas (Mallat 117-118; Alvarez 145; Kimuell-Gabriel 42).

Nagkaroon ng dalawang orden ang *hacienda* sa *Provincia de Tundo* (Kimuell-Gabriel 43)— mga Agustino at mga Heswita. Sa una napunta ang hilagang kanluran ng Maynila— Tundo, Binondo, Bankusay, Meyhaligue, Gagalangin, at Tambobong hanggang sa Pasig, Taguig, Malate, Parañaque, at Las Piñas. Mapupunta naman sa huli ang Piedad Marikina, Meysilo at Payatas, Makati, Santa Ana, at Tunasan. Upang palaganapin ang Kristiyanismo, nagtalaga ang mga *reverencia* ng iba't ibang orden na magkakaroon ng kani-kanilang teritoryo. Ang mga Pransiskano ay nadestino sa *Bahia Laguna*; Dominikano sa San Juan; at ang mga Agustino ay nadestino sa kailugang bahagi ng Pasig at Mariquina.[6]

[6] Natuklasan ng mga Agustino ang isang manantial o tubig-bukal na matatagpuan sa

Hindi nagtagal, nagpalabas ng kautusan na madaragdagan ng mga sasakuping lugar ang mga Agustino. Maliban sa Pasig at Mariquina, napunta rin sa kanila ang San Mateo, Pasig, Pateros, Malabon, at Muntinlupa. Itinatag ang Mariquina o Jesus dela Peña noong Abril 16, 1630[7] sa kapangyarihan ng paring Heswita na si Pedro de Arceo at gobernador-heneral ng Pilipinas na si Juan Niño del Tabora (Cuneta 132).

## KASAYSAYANG BÚHAY NI KAPITAN MOY (1851-1891)

Itatampok ang búhay ni Kapitan Moy mula 1851 hanggang 1891. Uugatin dito ang kaganapan sa Pilipinas at Mariquina sa panahong isinilang si Kapitan Moy. Gayundin, ang pag-uugat sa kaniyang pinagmulang angkan. Masasaksihan din ang talambúhay ni Kapitan Moy bílang isang mag-aaral, anak, asawa, ama, negosyante, politiko, ama ng industriyalisasyon, at isang bayani. Salát sa mga batis pangkasaysayan ang pagtalakay sa búhay ni Kapitan Moy. Gayumpaman, sinikap kong tugunan ang suliraning ito.

## ANG ANGKANG GUEVARA

Maaaring tingnan ang kasaysayan hindi lámang sa pagtalakay ng estado, pribadong institusyon, at iba pang salik, kundi maging ang papel ng lipunang elit sa kasaysayang politikal ng Pilipinas. Malinaw itong binanggit sa *An Anarchy of Families* ni Alfred McCoy (1994). Aniya: "*These families have provided a strong element of continuity to the country's economic and political history over the century past*" (McCoy 1). Isa sa mga angkang tinutukoy dito ay ang mga Guevara na maituturing na nagbigay ng kaunlaran at simulain ng industrialisasyon sa Mariquina. Liban sa mga Guevara, kilalá rin sa Mariquina ang mga dela Paz at Espiritu lalong-lalo na sina Teresa dela Paz at Don Jose Espiritu, mga tanyag na pilantropo na tumugon sa

---

kasalukuyang hanggahan ng Quezon City at Barangka. Tinawag ito bilang *Chorillo*. Sa hulíng bahagi ng Kristiyanisasyon ng Mariquina, nagkaroon ng alitan sa pagitan ng mga Agustino at Heswita at ipinag-utos ni Pedro de Arceo na lisanin ng mga Agustino ang Mariquina at hayaan na lámang sa mga Heswita. Agad na nagtayô ang hulí ng isang estanza na kinatatayuan ngayon ng *Barangka Elementary School* (Cuneta 133).

[7] Ayon kay Jayson Petras (Petras, *Angkang Marikeño* 1), may dalawang makabuluhang taóng ginugunita ang mga Mariqueño. Una ang taóng 1630, ang taon ng pagkakatatag nito at 1996, ang taon ng pagiging lunsod nito. May nagsasabing taóng 1690 naitatag ang Mariquina kung kailan naging hiwalay na parokya ang Jesus dela Peña. Ayon ito sa aklat na R*ellacion delos Conventos y Pueblos Fundados per PP Augustinos* ni Juan de Niedos (1723). Naitayo ng mga Heswita ang unang visita sa pampang ng Ilog Mariquina dahil sa paniniwalang dito nakita ang aparisyon ng mukha ni Hesus na nakaukit sa bato. Kayâ, ang ibig sabihin ng Jesus dela Peña ay "Jesus ng Bato" (Cuneta 133).


pangangailangan ng mahihirap; angkan ng mga Chanyungco na kalapít-bahay ng mga Guevara na nagtayo ng pribadong klinika upang gamutin ang mga kababayan at nagkaloob ng mga trak na ginamit sa mga serbisyong pambayan upang puksain ang sunog at ibang sakuna (Capangpangan, 2016); at angkan ng mga Andres at De Guzman na kinalauna'y naging tanyag sa larangan ng politika sa Mariquina.

Mauugat ang angkan ng Guevara kay Don Jose Emiterio Guevara I, ama ni Kapitan Moy. Si Jose ay túbong Tundo, lugar na kalauna'y magiging *arrabal* ng Maynila katulad ng Binondo, Trozo, Sta. Cruz, Quiapo, San Miguel, at Sampaloc (Medina 65). Ayon sa naging pag-aaral ni Aurora V. Tirad na *Ang Angkan at ang Kaniyang Bansag* (2007), kung saan nakalap ang impormasyon mula kay Antonio delos Angeles Tinio, ang itinuturong apo sa tuhod ni Kapitan Moy— si Jose Guevara ay isang *Sacristan Mayor* ng kura paroko ng Binondo (Tirad 124). Malapít si Jose sa nasabing pari. Ayon sa salaysay ni Tinio:

> [a]ng aking Lelong sa talampakan na si Don Jose Guevara I ay piniling paiwan sa Pilipinas nang ang kaniyang pinaglilingkurang kura paroko ay napilitang bumalik sa Espanya [sic], dahil sa isang karamdaman. Sa kaniyang pag-iisa ay minarapat niyang mamasukan sa isang pataniman ng gulay at palay sa nayon ng Caniogan, bayan ng Pasig, habang pansamantalang kaniyang hinihintay ang pangako ng umuwing kura paroko sa Espanya [sic] na siya ay mabigyan ng isang lupang kaniyang masasaka at matitirikan ng kaniyang tahanan. Noong panahong iyon, ang tawag sa mga lupaing ito'y "Mitra" na ang ibig sabihin ay lupa ng hari ng Espanya [sic] na pinangangasiwaan ng mga pari (delos Angeles Tinio 2007 kay Tirad 124-125).

Dahil sa malapít si Jose sa pari, pinagkalooban siya ng iláng porsiyon ng lupa na kung tawagin ay *Arinda* (Tirad 125). Isa itong paupahang lupa na binabayaran ng mga Mariqueño sa pamamagitan ng ani o buwis na nakabatay sa itinatakda ng *Mitra*. Kung tutuusin sa kasaysayan ng Pilipinas, natural na ang ganitong patakarang panlupa ng mga Español. Isinailalim nila ang buong arkipelago sa sistemang Doktrinang Regalia (*jura regalia*) na nagsasabing ang lahat ng kalupaang kolonyal sa Pilipinas ay pagmamay-ari ng mga Español. Kayâ't dito mauunawaan ang pagpapataw nila ng sistemang *encomienda* o pagpapatiwala ng mga lupain. May dalawang uri ng *encomienda* na umiiral sa Pilipinas— *encomienda de la real corona* o *realengas*, mga lupaing nakalaan sa hari ng España at *encomienda de particulares* o mga pribadong lupain na ibinibigay sa mga tapát sa España (Agoncillo 84; Gripaldo et al. 75). Umiiral pa ang isang uri na kung tawagin ay *encomienda de eclesiastica* o mga lupaing inilaan at ipinagkaloob sa mga pari at relihiyoso. Bagama't nagmula rin ito sa mga pribadong lupain, may karapatan ding paupáhan o ibigay ito ng mga pari sa kanilang mga pinagkakatiwalaan.

Kung gayon, ang *Arinda* na ipinagkaloob kay Jose Guevara ay bahagi ng lupaing *eclesiastica* na nagmula naman sa *Mitra* na bahagi ng lupaing *particulares*.




Larawan 1. Lupang Pagmamay-ari ni Jose Guevara. Bilang paglilinaw at pagtatatwa, sinapantaha ko lamang sa mapang ito ang **posibleng** lawak ng lupain na nakuha ni Jose. Itinuturo ko ang bawat direksiyon ng kinalulugarang hanggahan na binabanggit sa pag-aaral ni Tirad (2007 125). Bagama't ang mapang ginamit dito ay hindi ang mapang umiiral sa panahon ni Jose Guevara. Ginawa lamang ito bilang giya. Ang orihinal at kabuoang mapa na ito ay nagmula sa *Map of the Philippine Islands, Carmelo and Bauermann Inc.*, 1920. Lopez Museum Library Collection (na aking sinipi sa Lagos 17).

Malaki ang lupang naibigay kay Jose Guevara. Nang mabigyan siya ng sariling *Arinda* sa kasalukuyang Santolan, Pasig, ito ay sumasaklaw at nahahanggahan ng bulubundukin at Rio de Bulao sa Silangan; Kapasigan sa Timog; ang Ilog Montalban at Ilog Mariquina sa Kanluran; at Ilog Nangka at Bulubundukin ng San Mateo sa Hilaga (Tirad 125). Gámit ang mapa [**Larawan 1**], sinapantaha ko ang posibleng laki ng lupang ipinagkaloob kay Jose Guevara lalo pa't walang dokumento ang lumalabas pa kung kailan napasakaniya ang malawak na lupain. Malinaw na makikita sa Kanlurang bahagi ang pagdurugtong ng dalawang ilog— Ilog Montalban at Ilog Marikina at ang kabundukan na matatanaw sa San Mateo at ang Ilog Nangka na nasa paanan nito. Gayundin ang Pasig na malinaw ding makikita sa Timog bahagi ng mapa at ang Ilog Bulao na kasalukuyang matatagpuan sa Cainta, Rizal.



Larawan 2. Tahanan ng mga Guevara sa Sta. Elena, Marikina City. Nagsilbi rin itong paaralan, kuta ng mga sundalo, ospital, at iba pa. Sa ngayon, maituturing na ito bilang Pambansang Yamang Kultural ng Marikina. Kuhang larawan ng may-akda noong Oktubre 11, 2020.



Larawan 3. Nuestra Señora delos Desamparados (1690). Ayon sa matandang kasulatan, ang simbahang ito ay unang ipinatayo ng mga Agustino noong 1572. Ito ay yari lámang sa kawayan at pawid. Naisagawa ang unang misa sa Mariquina nang ang *visita* ay nasa Jesus Dela Peña pa lámang noong Abril 16, 1630. Ipinagawa ang simbahang bato noong 1687; naging ganap na parokya noong 1690 at nasunog sa panahon ng mga digmaan laban sa mga Español at mga Amerikano. Kuhang larawan ng may-akda noong Hulyo 3, 2016 sa Kapitan Moy Café Restaurant, Marikina City.

Pinaupahan ni Jose Guevara ang malawak na lupain sa mga magsasaka. Doo'y nagtatanim ng iba't ibang uri ng gulay at prutas. Ngunit, dumating ang isang malakas na bagyo at pagbaha na naging dahilan ng pagkasira ng kanilang kabahayan at negosyo (Tirad 126). Ito rin ang panahon kung kailan niya napagdesisyonang lumipat sa nayon ng Sta. Elena at doo'y nagtayo ng tiráhan [**Larawan 2**] malapit sa simbahan ng Nuestra Señora delos Desamparados [**Larawan 3**]. Bagama't katulad ng kanilang lumang tiráhan sa Pasig, bahaing lugar din ang Mariquina.[8]

Sa bahay at nayong ito bumuo ng malaking pamilya si Don Jose Emiterio Guevara at ang asawa niyang si Doña Mariquita Matea Andres na kaniyang nakilala sa Caniogan, Pasig. Biniyayaan sila ng pitóng anak. Ito ay sina Margarita Guevara-Tuason, Jose Guevara II, Macaria Guevara, Hilaria Guevara, Don Remegio Guevara, Laureano Guevara (Kapitan Moy), at Carmen Guevara-Ibarra (Tirad 126).

Batay sa preliminaryong pananaliksik, iilan lámang sa mga anak nina Jose Guevara at Mariquita Andres ang mabibigyan ko ng maikling pagkakakilanlan. Si Don Jose Guevara II ay ama ni Don Felino Guevara na naging *Huwes de Paz* sa Mariquina (Tirad 127). Samantalang si Don Remegio Guevara ay ipinadala sa Paris, France upang makapag-aral at kinalauna'y naging *gobernadorcillo* ng Mariquina noong 1818. Ang bunsong anak na si Doña Carmen Guevara ay naging asawa ng delegadong si Leandro Ibarra.

Mahalagang malaman na may kaugnayan ang angkang Guevara sa mga Tuason. Ang mga Tuason ay isa sa mayayamang angkan hindi lámang sa Maynila bagkus sa buong kolonya. Kilalá ang kanilang ninunong si Antonio Tuason (Son Tua), isang Tsinong *mestizo* na nanguna sa Kalakalang Galeon ng Acapulco-Maynila at sumuporta sa mga Pilipino noong 1792 upang kalabanin ang mga lumulusob na Ingles sa Maynila (Legarda 230; Lagos 12-13). Sa angkan ng mga Tuason nagmula ang lahi ng mga de la Paz at de los Santos, mga prominenteng pamilya salipunang Mariquina noon (Lagos 13). Ang angkan ng mga de la Paz ay angkan ng mga naging *gobernadorcillo* sa Mariquina simula pa noong 1799 hanggang 1935. Isa sa mga kilala

---

[8] Noon pa man, bahain na ang Mariquina kaya't inabandona ng mga Agustino ang *visita* na naitayo sa Jesus dela Peña at ginawa na lámang triguhan at kamalig. Sa pagkakalipat ng visita at pagkakatayo ng Simbahan ng San Roque, ang Nuestra Señora delos Desamparados, ganap na nakilala bílang Mariquina ang kasalukuyang barangay ng Barangka, Tañong, at Jesus dela Peña. Noong Abril 2, 1767, alinsunod sa kautusan ni Haring Carlos III, pinalayas ni Gobernador-Heneral Jose Raon ang mga Heswita kaya't naiwan ang pamamahala sa Mariquina sa mga Agustino na naipása kinalaunan sa mga Rekoletos. Itong hulí ang nagpaayos ng mga simbahan (Daquila 78).

rito ay si Don Tomas de la Paz na napangasawa ni Doña Valentina de los Santos. Nagkaanak sila at ito'y si Doña Teresa de la Paz y de los Santos na mas nakilala bílang *Teresa de Mariquina* (Lagos 13). Kaiba si Teresa sa ibang mga Tuason. Mabait ito at kumakalinga sa mga magsasakang pinahihirapan.[9] Ayon sa talâ, si Doña Mariquita Matea Andres ay tiyahin-sa-batas (*aunt-in-law*) ni Teresa de la Paz. Lehitimo ito dahil si Mariquita Andres ay ikalawang asawa lámang ni Don Jose Guevara dahil nabalo ito sa unang asawang nagmula sa angkan ng mga Tuason na noo'y namamahala sa *Hacienda de Tuason*.

May natalisod ding impormasyon na magpapatunay na magkaugnay ang mga Guevara at Tuason. Si Don Jose Guevara II ay nakapangasawa ng isang Tuason, si Doña Rita Tuason (Santiago 358 kay Lagos 16) bagama't may kontradiksiyong mapapansin dito. Sa naunang pag-aaral, binanggit na ang panganay na anak nina Jose at Mariquita ay si Margarita Guevara-Tuason (Tirad 126). Sa ganang ito, hindi ko pa natutukoy kung sina Rita Tuason (Santiago 358 kay Lagos 16) at Margarita Guevara-Tuason (Tirad 126) ay iisa o di kaya'y dalawa sa mga anak (Jose Guevara II at Margarita Guevara) ang nakapangasawa ng mga Tuason.

Hindi mapasusubalian ang natuklasan kong impormasyon nito lámang. Sa aking panayam kay Jose Victor Torres ng Pamantasang De La Salle, binanggit niyang

---

[9] Nakaranas ng kalupitan ang mga Pilipino sa iba't ibang pagkakataon. Nagdulot ito ng malawakang pag-aalsa sa iba't ibang panig ng kapuluan. Ang mga sanhi ay maaaring pagmamalabis sa buwis, sapilitang pagtatrabaho, at lalo na ang suliraning agraryo. Sa kasaysayan, higit na maraming pag-aalsa ang naganap dahil sa usaping panlupa. Mula sa pagmamalupit ng iláng inquilino at pangangamkam ng mga prayle. Pinasimulan ng mga conquistadores ang pagbibigay ng lupain sa iba't ibang orden ng kaparian. Ang pagkakaroon nila ng mga lupain ay bunga ng pagkakaloob nito. Inihalimbawa ni Dennis Morrow Roth (Roth 135) ang kaso ng mga haciendang Agustino sa Meysapan at sa mga Heswita na nasa Marikina na kapuwa sákop ng Tundo, nang napasakamay nila ang mga lupain dahil sa pagsusubasta, donasyon, at bílang regalo. Mas nakinabang ang mga Heswita sa hacienda na kinaluluguran ngayon ng Mariquina. Nagtakda sila ng mga lupaing nakalaan para sa pueblo gaya ng Mariquina at inihiwalay sa mga lupang ibinigay bílang pribadong pagmamay-ari ng iláng indibidwal at relihiyoso. Samantala, naging bahagi ang mga natiráng lupain ng *realengas* o *encomienda dela real corona* (Gripaldo et al. 75). Sa bisang pinagtibay ni Gobernador-Heneral Jose Raon, napatalsik sa Pilipinas ang mga Heswita noong 1768 kung kailan napunta ang Hacienda de San Isidro de Mariquina sa pagmamay-ari ni Don Vicente Tuason na siyáng bumili sa buong lupain sa halagang 33,750 piso (Petras, *Angkang Marikeño* 4-5). Noong dantaon 18, tinaguriang mayorazgo ang Marikina. Isa ito sa mauunlad na lupain noong 1794. Naging malupit si Tuason sa mga magsasakáng naninirahan sa lugar. Isa sa mga salik na nagpahirap sa mga tagarito ang labis na pagtaas ng buwis at pagtaas ng mga bilihin dulot ng mga bagyo at taonang pagbaha. Kaya't nagsipag-aklas ang matatandang magsasaká ng San Roque, Santa Elena, at Jesus dela Peña at nagtatag sila ng isang samaháng tinawag bílang *Samaháng Magsasaka* sa pamumuno ni Jacinto Manahan na inspirado ng mga magsasakang nag-aklas sa usaping agraryo sa Sentral Luzon katulad ng Bulacan at Pampanga (Cuneta 134). Hindi dininig ng korte ang kaso ng mga magsasaká hanggang sa panahon ng modernisasyon ng Mariquina kung saan si Wenceslao dela Paz ang halal na alkalde ng bayan.

ang kaniyang lolo na si Manuel Zarcal (pamangkin at inampong anak ni Heriverto Zarcal) ay napangasawa si Peregrina Guevara (Torres, 2020). Pangatlong asawa ni Zarcal si Peregrina pagkatapos nina Magdalena Ibarolla at Amanda Cruz (Private User, 2014).[10] Nabanggit din na sa Mariquina nagtago ang mga anak ni Manuel Zarcal kay Peregrina (Torres, 2020). Kung gayon, maaaring tingnan ang dalawang posibilidad. Una, maaaring iisa ang Rita Tuason at Margarita Guevara-Tuason na napagkamalian lang na anak nina Jose Guevara at Mariquita Andres. Pangalawa, maaaring anak nga nila si Peregrina Guevara. Ganito ang kinahaharap na suliranin ng mga nag-aaral ng angkan lalo pa't kung walang naitatalâng talaangkanan patungkol sa kanila.

Gayumpaman, kilalá ang mga Guevara sa Mariquina. Kabílang sila sa mga gitnang uri ng lipunang Mariqueño na humawak ng iláng kapangyarihan at pribilehiyo na hindi makapagbayad ng buwis. Mapapansin naman sa talaan ng *Kapistahan ng mga Angkan* o *Ka-Angkan Festival* na pinasimulan ng mga Nepomuceno noong 2001 na hindi makikita ang pagiging dominante ng apelyidong Guevara (Petras, *Angkang Marikeño*, 10-14). Dahil ito sa ilág kadahilanan. Una, higit na marami ang angkang Andres (panig ni Mariquita Andres) kompara sa angkan ng mga Guevara. Pangalawa, kakaunti o ilan lámang ang anak na laláki ni Don Jose sa ikalawang asawa niyang si Doña Mariquita; at (3) hindi lahat ng mga "Guevara" sa Mariquina ay nagmula sa lahi nina Doña Mariquita at Don Jose. Ayon ito sa tinuran ni Monet Sapalicio (2016) ng Sta. Elena:

> Kung pagbabasehan ang *genealogy* ng mga Mariqueño, hindi lahat ng mga Guevarra at Guevara rito sa Marikina ay nagmula sa angkan nina Kapitan Moy. Sa madaling salita, hindi lahat ng mga Guevara o Guevarra man ay magkakamag-anak. Ang mga orihinal na Guevara na tubong Mariquina na silông nagmula sa angkan ng mga Andres at Guevara (Jose) ay nagtataglay ng apelyidong "Guevara" na isa lámang ang titik "r" samantalang ang mga "Guevarra" na dalawa o doble ang titik "r" ay hindi tubong Mariquina bagkus sila yaong mga pamilyang nagmula sa ibang lalawigan katulad ng Bulacan at Pampanga na walang relasyon sa mga "Guevara" (Sapalicio, 2016)

Miskontekstadong apelyido ang *Guevara* at *Guevarra* sa mga Mariqueño. Marami ring indibidwal ang naninirahan sa Mariquina na si Kapitan Moy ang ninuno.

---

[10] Noong una, ang paniniwala ni Dr. Torres ay kapatid ni Kapitan Moy at anak nina Don Jose Guevara at Mariquita Andres si Peregrina Guevara. Ngunit, nang tinukoy ko sa kaniya na walang "Peregrina" sa mga talâan ng kapatid ni Kapitan Moy (Tirad 126), sinagot nitong "baka" hindi kapatid at ganoon naman talaga diumano ang mga kuwentong angkan na paiba-iba ang bersiyon lalo pa't kung walang nakasulat na talaangkanan patungkol sa kanila.

Makikita sa talaan ng *1970 Marikina Shoe Manufacturers* na may iláng *Guevara* ang kinilala bílang magagaling na sapatero. Ilan sa kanila ay sina Adoracion at Carlito Guevara ng Concepcion; Mauro Guevara ng San Roque; Romeo Guevara at Salvador Guevara ng Calumpang; at Virginio Guevara ng Sta. Elena (MSIDC 3). Isa ang angkang Tactacan sa mga itinuturong kaanak ni Kapitan Moy. Noong 1970, kinilala si Dolorfino Tactacan ng Parang sa paggawa ng matitibay na sapatos (MSIDC 7).


Sa panig ng asawa ni Kapitan Moy na si Eusebia, kilalá ang mga sapaterong sina Angelita Estanislao at Macario Estanislao ng Sto. Niño; Concepcion Estanislao ng Sta. Elena; Eugenio Estanislao ng Malanday; Gerardo Estanislao ng Calumpang; at Melchor Estanislao ng San Roque (MSIDC 2-3).

**KAPANGANAKAN NI KAPITAN MOY (1851)**

Isinilang si Laureano Guevara o Kapitan Moy [**Larawan 4**] noong Hulyo 4, 1851 sa isang bahay na nakatayo ngayon sa Sta. Elena (dambanang bayani ni Kapitan Moy) [cf. **Larawan 2**]. Bagama't may pag-aaral na nagsasabing ipinanganak siya noong Mayo 16, 1858 (Tirad 128), mananatiling 1851 ang igigiit na taon sa pag-aaral na ito.[11] Si Kapitan Moy ay ikalimang anak (Sangko) nina Don Jose Emiterio Guevara ng Quiapo, Maynila at Doña Mariquita Matea Andres ng Caniogan, Pasig. Ang mag-asawang ito ay nagsimulang tumirá sa Mariquina noong 1780. Sumunod si Kapitan Moy kay Remegio Guevara at sinundan naman ni Carmen Guevara.

Sa kapanganakan ni Kapitan Moy, si Antonio de UrbizTundo y Eguia ang halal na gobernador-heneral ng Pilipinas na pumalit kay Antonio Maria Blanco (Totanes 254). Matatandaang si UrbizTundo ang sumakop sa Jolo noong 1850 at nagpatayo ng *Banco Español-Filipino* at ng iláng pagamutan sa Culion, Palawan para sa may mga ketong (PSP 38, 112). Sa talaan ng kasaysayan noong 1851, si Kapitan Moy ay isinilang halos kasabayan nina Higinio Benitez (Enero 11, 1851), gumawa ng burador ng Saligang-Batas ng Malolos; Paciano Rizal (Marso 9, 1851), isa sa mga magigiting na heneral ng rebolusyon at kapatid ni Jose Rizal; at Nazaria Lagos (Agosto 28, 1851), Katipunerang mula Dueñas, Iloilo (PSP 8, 46, 153).

[11] Naisipi sa pag-aaral ni Aurora Tirad na Mayo 16, 1858 ang petsa ng kapanganakan ni Kapitan Moy. Sa mayoryang mga babasahin (Bernardo 268; Manuel 218; NHI 114) at sa rebultong ipinatayo para sa kaniya noong Abril 16, 1986, Hulyo 4, 1861 ang petsa nito. Sa mga magiging pag-aaral sa hinaharap tungkol sa buhay ni Kapitan Moy, kinakailangang maging malinaw ang petsa ng kaniyang kapanganakan.



Larawan 4. Tanging mga larawan ni Laureano Guevara. Larawang mula sa Café Kapitan Restaurant, Marikina City (kaliwa) na kinunan ng may-akda noong Hulyo 10, 2016. Samantala, nakakuha rin ng isang *sketch* na larawan ni Kapitan Moy (kanan) sa akdang *Gems of Philippine History: Inspiring Lives of 150 Great Filipinos* (Bernardo 2011, 268). Gayumpaman, walang nakita o natagpuang aktuwal na larawan ni Kapitan Moy. Maaaring sinapantaha o guni-guni lámang ng sinumang artist ang hitsura ni Kapitan Moy.

Taóng 1851 nang ipatupad ng Pamahalaang Español ang pagtataas ng buwis o tributo na siyáng tunay na nagpahirap sa mga Pilipino. Mula 8 *reales*, naging 12 *reales* ito na ang kalahati ng malilikom na buwis ay gagawing pondo upang maipatayo ang *Fuerza de Zamboanga*. Sa panahong ito, ang kalalakihang edad 18 at kababaihang edad 20 ay mandatoryong nagbayad ng tributong itinakda ng *padron*. Naging mabigat din para sa mga Tsinong *mestizo* ang patakarang ito dahil dinoble ang buwis na babayaran (Totanes 115). Tatlong buwan bago isilang si Kapitan Moy, nagkaroon ng kasunduan ang Sultanato ng Sulu at Pamahalaang Español na isasailalim ang una sa patakarang kolonyal (Majul 339-340). Samantala, isang buwan naman ang nakaraan pagkatapos isilang ni Kapitan Moy nang tuluyang maitayo ang *Banco Español-Filipino* bílang kauna-unahang bangko sa Pilipinas. Sinimulan ang pagpapatayo sa bangkong ito sa halagang 400,000 pesos na siyang magpapautang sa mga Pilipinong nais mamuhunan. Pormal itong binuksan noong 1852 at opisyal na naglabas ng salapi. Kalaunan, ito ang tinawag na *Bank of the Philippine Islands*.

Samantala, ang Mariquina, sa kaniyang kapanganakan, ay isang bayan na sakop ng *Alcaldia de Morong*. Ang namunong *capitan* ay si Don Rufino Mendoza

(MCL, *The Marikina History* 40). Naging mabigat para sa mga katutubong Mariqueño ang sistemang pagbubuwis ng mga Español. Kilalá ito bílang tributo bagama't maaaring bayáran ng mga Mariqueño ng salapi o produkto ang bawat *tributo* na malimit na hiningi ng mga kolektor at magbubuwis. Naabutan ni Kapitan Moy ang pagkakaalis ng sistemang tributo noong 1884 na pinalitan ng *cedula*. Hindi na naabutan ni Kapitan Moy noong 1893 ang pagpapatibay ng Kortes Español sa Batas Maura na nagtadhana ng pagtatatag ng pamahalaang lokal sa Pilipinas na nagbigay ng kalayaan sa pamamahala sa mga kabayanang nagbayad ng *cedula* sa lahat ng lalawigan sa Luzon at Visayas.

Nabúhay si Kapitan Moy sa lipunan ng Mariquina sa payak na paraan. Noong panahong iyon, tanging pagsasaka at pangingisda lámang ang kabúhayan ng mga Mariqueño. Mainam ang kinalulugarang pisikal ng Mariquina dahil nakalatag ito sa luntiang kabukiran, saganang katubigan, at mayayamang kalupaan sa isang lambak (Meralco 5). Ayon kay Andres Paz (Paz 106) nang kinapanayam niya si Dionisio dela Paz noong 1915, pinatunayan ng hulí na tanging pagsasaka lámang ang ikinabúhay ng mga Mariqueño. Sila ay nagtanim ng mga gulay at palay sa baybayin ng Ilog Mariquina. Ang naaning mga saka ay kanilang ikinarga sa tinawag nilang *batulang* at inilako sa mga karatig-bayan ng Maynila, San Juan, at Pasig (Paz 106). Kakaunti lámang ang mga Mariqueño na may sariling lupa kaya't ang mayoryang katutubo ay nangamuhan lámang. Mayroon namang mga pagkakataon na ang iilan ay nakapag-impok at nakabili ng sariling lupa sa Antipolo, Cainta, at Pasig.

Lumaki si Kapitan Moy sa sakahan ng kaniyang ama. Doo'y tumulong siya sa mga gawaing bukid o kung hindi nama'y nakitang kasámang nakipag-usap sa mga trabahador na magsasaká (Bernardo, 268) na noo'y naglingkod sa *Hacienda Guevara* o ang kasalukuyang Calumpang, San Roque, Sta. Elena, Sto. Niño, Malanday, Concepcion, Marikina Heights, Parang, at Nangka (Tirad 127).

## KAPITAN MOY AT SISTEMA NG EDUKASYON (1863)

Sa bisa ng *Decreto Royal* noong Hunyo 8, 1585, isinulong ng mga prayle na turúan at patayuán ng paaralan ang mga Pilipino. Sa ilalim ng mga Heswita, ang Mariquina kasama ang San Pedro Yunasan (Tunasan) ay napadalhan ng mga gurong magtuturo sa mga katutubo noong Pebrero 3, 1748 (Mas 250-251). Gayunpaman, walang nasumpungang talâ kung naging matagumpay ba ang pagpapatupad ng edukasyon sa Mariquina. Sa kasaysayan, nagkaroon ng sistematikong hakbang ang mga Español sa edukasyon sa kalagitnaan ng dantaon 19.

Labindalawang taóng gulang siya nang masaksihan ni Kapitan Moy ang pagpapatupad ng *Decreto Royal* 1863 sa Pilipinas. Ito ang kautusan na mandatoryong nagpapasok sa paaralan sa mga batang may edad 7 hanggang 12. Nagkaroon siya ng unang edukasyon sa ilalim ng kaniyang mga magulang (Bernardo 268; Manuel 219) at kalauna'y sa gurong Mariqueño na nagturo sa kaniya ng pagbabasá ng at pagsulat sa wikang Latin at Español. Ganito ang prosesong pinagdaanan ng kalalakihang Pilipino bago tuluyang pumasok sa mga paaralan sa Maynila.

Ayon kay Efraim de la Paz (2016) ng Sta. Elena, ninais ng mga magulang ni Kapitan Moy lalo na ng kaniyang ama na kumuha siya ng abogasya sa hinaharap at makapag-aral sa prestihiyosong paaralan sa Maynila dahil noong mga panahong iyo'y wala pang mga *escuela* ang makapagsisilbi sa mga Mariqueño. Hindi natupad ang kaganapang ito kay Kapitan Moy dahil sa iba't ibang kadahilanan. Kinalaunan, inilipat siya ng kaniyang mga magulang sa *Ateneo Municipal de Manila* sa Intramuros, *Colegio de San Juan de y Oficios* kung saan natuto ang batang Kapitan Moy ng Aritmetik at Heometriya, Heograpiya, Kasaysayan, at Gramatikang Español (NHCP 2015; NHI 114). Naging biktima rin si Kapitan Moy ng diskriminasyon mula sa mga dayuhang kamag-aral. 11 hanggang 12 taon ang kalalakihan upang makapasok sa Ateneo. Kung tatayain, taóng 1862 o 1863 posibleng pumasok si Kapitan Moy sa paaralang ito. Noong Hunyo 1862, dumating sa Maynila ang ikatlong pangkat ng mga Heswitang pari at misyonero (Arcilla 381). Posibleng ito ang mga naging guro ni Kapitan Moy. Sa panahon ng kaniyang pagkakapasok, bagong-tatag lámang ang sekondaryang paaralan ng Municipal. Naisulong din sa panahong ito ang pagkakaroon ng iba't ibang antas na pagdaraanan ng kalalakihang mag-aaral – *Infima*, *Inferior*, *Media*, *Superior*, at *Suprema* (Arcilla 381-382). Ang bawat antas ay may kaakibat na asignaturang dapat matutuhan ng mga mag-aaral.

Nabatid ni Kapitan Moy ang iláng maling sistema sa edukasyon ng mga prayle katulad ng indoktrinasyon at *ratio studiorum*. Masalimuot ang panahong kaniyang kinamulatan sa edukasyon. Pinamahalaan ng *latinidad* ang pag-aaral sa primarya at sekondarya ngunit hindi gaanong magagaling ang mga guro. Kayâ noong 1865, ipinatupad ng Hari ng España na buoin ang *Lupon ng Edukasyong Pampubliko* upang pag-isahin ang lahat ng mga kurso sa primarya at sekondarya at ilagay ang pamamalakad ng lahat ng paaralang sekondarya sa ilalim ng Rektor ng Unibersidad ng Santo Tomas. Tanging mga tituladong *Professor de Segunda Ensenanza* lámang ang maaaring magturo sa sekondarya (Nepomuceno-Van Heugten 29). Mapalad si Kapitan Moy sapagkat hinirang bílang apat na *primera claseng* paaralang sekondarya ang

San Juan de Letran (kilala bílang *Colegio de Huerfanos de San Pedro y San Pablo at Escuela de Artes*), San Jose, Ateneo Municipal, at Bacolor. Gayumpaman, hindi katulad ng iláng Pilipinong propagandistang kakontemporaneo ni Kapitan Moy, hindi siya nakapagpatuloy sa pag-aaral dahil mas pinili niyang tulungan ang kaniyang ama (NHI 114) na noo'y isang negosyante sa isang *bazaar* na kanilang pagmamay-ari (*La Industrial*) sa Escolta, Maynila. Ang nasabing *bazaar* ay nakapaglingkod din bílang palimbagan, litograpiya, at bentáhan ng mga armas (Manuel 219). Sentro ang Escolta ng mga migranteng Tsino na mula sa Fujian. Ang mga Tsinong ito ang naging aktibo sa Kalakalang Galeon ng Manila at Acapulco. Sa pagkamatay ng mga magulang ni Kapitan Moy, ipinagpatúloy niya ang negosyo ng pamilya sa Escolta (Bernardo 268).

Sa kaniyang pagtanda, natuto si Kapitan Moy sa iba't ibang tao. Nakapalagayang-loob din niya si Jacinto Zamora ng Pandakan na noo'y kura paroko ng Mariquina (Ocampo 15) at kasámang pari ni Jose Zamora. Humanga si Kapitan Moy sa pilosopiya at karanasan ng paring ito. Humanga rin siya sa kaniyang bayaw na si Don Leandro Ibarra (asawa ng kaniyang kapatid na si Carmen) dahil sa paninindigan nito at lalo na nang ito'y maihalal bílang kasapi ng Kongreso ng Malolos noong 1898. Naging kaibigan din ni Kapitan Moy si Apolinario Mabini ng Nagtahan. Isa si Kapitan Moy sa mga nakasaksi ng pagbabalangkas ni Mabini sa Konstitusyon. Si Mabini rin ang tumulong kay Eusebia Mendoza Estanislao upang ayusin ang mga ari-ariang naiwan ng namayapang si Kapitan Moy noong 1891.

**KAPITAN MOY AT SALAMYAAN (1870)**

Gumamit ng *Don* at *Kapitan* si Kapitan Moy sa kaniyang pangalan na nagpapatunay na siya'y kabílang sa kinapipitagang angkan, liban pa sa mga de la Paz at delos Santos ng Mariquina (Lagos 13). Nakuha niya ang *Capitan* nang siya'y maging ganap na politiko. Upang hiranging mayamang angkan at hindi makapagbayad ng buwis, kailangang nakadikit ang *Don* at *Capitan* sa kanilang mga pangalan at nagsusuot ng *baston de mando* at *chaqueta negra* (Wolters 98; Tugano, *Kasaysayan ng mga Ilustrados* 14).

Madalas na makikita si Kapitan Moy sa *lamyaan* (*salamyaan*) at umpúkan lalo na kung araw ng Linggo pagkatapos ng mga misa sa Simbahan ng San Roque kasáma sina Tiburcio Eustaquio o Ka Busyong, Ambrosio Sta. Ines, at Gervacio Carlos. Ang paksa ng umpúkan ay pumapatungkol sa pagtuklas ng mga paraan upang umangat ang antas ng pamumuhay ng mga Mariqueño (Cuneta 136; Petras, *Bayan*

*at Pagkabayan sa Salamyaan* 96). Ang *salamyaan* ay isang tradisyong Mariqueño na nakaugat sa kanilang kamalayan. Isa itong pagsasáma-sáma o umpúkan ng matatandang Mariqueño kung kailan nagkakaroon sila ng pagkakataong makapag-usap, makapagpahinga, at maglibang (Florendo-Imao 12; *Petras, Bayan at Pagkabayan sa Salamyaan* 93).[12] Malaki ang ginampanan ng mga umpúkan sa pagbuo ng *Kasaysayang Bayan* sapagkat ang mga nag-uusap dito'y may matinding danas sa tunay na sitwasyon ng kanilang lipunan. Naobserbahan ni Kapitan Moy ang dalawang bagay – suliraning politikal at sosyolohikal ng Mariquina dulot ng sistemang kolonyal at suliraning sosyolohikal dulot ng mga kababayang Mariqueño. Para sa unang suliranin, napansin ni Kapitan Moy ang labis na pagpapahirap sa mga kababayan dulot ng patúloy na pagtaas ng binabayarang buwis; kompetisyon sa merkado ng mga Mariqueño at mga dayuhang Español at Tsino; kawalan ng trabaho dahil sa lumalaking populasyon ng bayan; limitadong kaalaman sa ibang kabúhayan ng mga kababayan sapagkat pagsasaka at pangingisda lámang ang kanilang nabatid; at hindi nakatamasa ang kabataan noong panahong iyon ng maayos na edukasyon at pagkakataong makapag-aral sa kabisera. Sa kabilâng banda, naobserbahan din ni Kapitan Moy ang kakulangan ng mga kababayan. Ilan sa mga suliraning ito ay ang labis na kawalan ng trabaho, katamaran, pagkakalulong sa bisyo, at arawáng paglalasing (Bernardo 268). Higit na tuon ni Kapitan Moy ang kabataang wala halos ginagawa sa bayan.

Sa ganitong sitwasyon, nakapag-isip si Kapitan Moy at mga kasáma na bumuo ng isang negosyong magsusulong ng kaunlaran sa Mariquina – ito ang paggawa ng sapatos at sandalyas (Bernardo 268-269; NHI 115). Walang pormal na edukasyon at kasanayan si Kapitan Moy sa larang na ito. Noong una'y hindi siya marunong gumawa at magbuo ng mga sapatos. Naisakatuparan nito ang kaniyang mithiin para sa bayan. Bago pumanaw, naipása niya ang kaniyang kaalaman sa kaniyang mga kababayan. Naging interesado ang mga Mariqueño na gumawa rin ng sapatos.

---

[12] Nakaugat na sa kamalayang bayan ng mga taga-Mariquina ang konsepto ng *salamyaan*. Masusi itong pinag-aralan ni Jayson Petras (2010). Ipinapahayag sa kaniyang pag-aaral na isang identidad ng mga Mariqueño ang salamyaan. Dapat mabatid ng sinomang taga-Mariquina ang kahalagahan nito sa pagbubuo ng kanilang bayan. Tunay na sa isang umpukan o salusalo nabubuo ang iláng talastasang-bayan at maging ang pagkamakabayan nito. Pinatunayan ni Petras sa kaniyang pag-aaral na matagal nang nabuo ang konsepto ng *salamyaan* sa isip ng mga taga-Mariquina nang kapanayamin niya ang iláng matatandang Mariqueño (halimbawa sina Andy Carpio, Daniel Santos, Maria Cruz, at marami pang iba). Sipini rin ni Petras ang tulang naisulat ni Rodolfo dela Paz noong 2000 na pinamagatang "Taga Marikina Ka." Ang ilan sa mga sinipi ni Petras sa tula ni dela Paz ay ang mga sumusunod: "*Taga Marikina ka kung alam mo ang ibig sabihin ng naghalo ang balat sa tinalupan, sagot sa huli, lamuan, salang bayan, salamyaan, anunciata, zebra, ampay kaban, hiwas, ditchoy, bankilya.*"

**KAPITAN MOY: ASAWA AT AMA (1881)**

Katulad ng nabanggit, hindi ipinagpatúloy ni Kapitan Moy ang kaniyang pag-aaral sa Maynila. Liban sa pagtatrabaho sa *Hacienda Guevara*, tinulungan niya rin ang kaniyang ama na magsáka sa kanilang gulayan sa Santolan, Pasig at malawak na palayan sa Mayamot, Antipolo (Tirad 126). Hindi nagtagal, ikinasal si Kapitan Moy noong 1881 sa isang mayamang babaeng si Eusebia Mendoza Estanislao (Kapitana Sebia) na noo'y 30 taóng gulang (Bernardo 209). Kapatid ni Sebia si Isabelo Mendoza ng San Roque (Tirad 127) samantalang sina Mariano Mendoza at Francisca Estanislao ang kaniyang mga magulang (Manuel 222). Ikinasal sina Kapitan Moy at Kapitana Sebia sa simbahang malápit sa kanilang tahanan sa Sta. Elena. Nagkaroon sila ng walong anak ngunit isa lámang sa kanila ang tumanda – si Felicisima Guevara delos Angeles [**Larawan 5**] o *Chemang* na naging asawa ng anak nina Matias delos Angeles at Sixta Manahan na si Servando Manahan delos Angeles [**Larawan 6**], isang prominenteng manunulat na pinaniniwalaang unang sumaliksik sa kasaysayan ng Mariquina (Cuneta 137; MCL, *Marikina's Festivals* 193; Villareal 181). Si Servando ay awtor ng nobelang *Ang Huling Timawa* at sarsuwelang *Ang Kiri*. Pinag-alayan din niya ng tula si Felicisima na pinamagatang *Bituing Marikit* na isinatinig naman ni Nicanor Abelardo (delos Angeles, *Servando* 2019a).

Isang modelo ng mabuting asawa at ama si Kapitan Moy. Tinustusan niya ang pangangailangan ng kaniyang mga anak. Ayon sa naging panayam kay Segundina Tactacan (2016) ng Sta. Elena:

> Sinasabi ng aking lolo, isa sa mga pamangkin ni Kapitan Moy, isang masipag na asawa si Moy, pero hindi nakapag-aral. Sinikap niyang magtayo ng sariling negosyo upang matugunan ang pangangailangan ng kaniyang asawa at mga anak. Sa kalaunan nga'y nakapagpatayo siya ng pagawaan ng sapatos sa kanilang bahay (Tactacan, 2016)

Sa mga anak ni Kapitan Moy, si Felicisima ang bunso. Kinilala si Felicisima o Chemang ng kaniyang mga apo bílang *Lola Ba*, isang madasalin at masayahing babae (delos Angeles, *Felicisima* 2019b). Ang anim na nakatatandang kapatid ni Felicisima ay binubuo ng tatlong pares ng kambal (Tirad 127) bagama't dahil sa kasalatan sa mga datos, sa pitóng anak ni Kapitan Moy, tatlo lámang ang aking napangalanan – sina Felicisima, Nieves Asuncion dela Paz o ang pinagmulang lahi ni Alkalde Wenceslao dela Paz[13] (Tirad 127), at Filomena [**Larawan 7**] (LNL, 2015).

[13] Naging alkalde ng Mariquina si Don Wenceslao dela Paz. Itinatag niya ang isang samahán na tinawag bílang *Samahán ng mga Magsasapatos ng Marikina* o mas kilalá bílang *Oras Na* (Cuneta 139).

Gayumpaman, maraming dahilan kung bakit hindi tumanda ang ibang anak nina Kapitan Moy at Eusebia. Nangamatay ang kanilang matatandang anak sa sakít na kolera, bulutong (*small pox*), at sakít sa bituka (disenteriya o *shigellosis*) (Tirad 127). Lehitimo ito sapagkat ang mga nasabing sakít, lalo ang kolera at bulutong ay pumatay sa iláng pamayanan sa Pilipinas noong dantaon 19. Sa Mariquina, mula dantaon 19 hanggang 1902, pumuksa ang kolera sa mga Mariqueño (PHR, 1902) at ipinagbawal noon ang pag-inom ng tubig mula sa Ilog Mariquina.[14]



Larawan 5.
Felicisima Mendoza Guevara-delos Angeles. Larawang inilabas noong Marso 20, 2019 (delos Angeles, *Felicisima* 2019b)



Larawan 6.
Servando Manahan delos Angeles. Larawang inilabas noong Marso 20, 2019 (delos Angeles, *Servando* 2019a)



Larawan 7.
Filomena Guevara. Isang *portrait* na makikita sa bahay ni Kapitan Moy. Ito ay ginawa noong 1901 ni Jorge Penida (LNL, 2015)

Bílang ama, ang noo'y batang si Felicisima ay napilitang dalhin ni Kapitan Moy sa kumbento ng mga madre sa Intramuros, Maynila upang doo'y pansamantalang itira. Ginawa ito ni Kapitan Moy upang hindi magkasakít at mamatay sa sakít ang kaniyang natitirang anak (Tirad 127-128). 6 na taóng gulang pa lámang noon si Felicisimanang mamatay si Kapitan Moy kung kaya't ang manang naiwan ng kaniyang ama ay

Naigawad sa kaniya ang *Kapitan Moy Memorial Award* dahil sa kaniyang pagnanais na mapaunlad ang sinimulang hakbangin ni Laureano Guevara para sa Mariquina. Si dela Paz din ang nagtatag ng *Marikina Academy* (ngayo'y Roosevelt College), unang pribadong paaaralan sa Rizal at Mariquina.

[14] Kasabay ng *Philippine Insurrection* (*Philippine-American War*) ang pagkalat at paglala ng epidemiyang kolera noong 1902 hanggang 1904, kung saan halos 170,000 ang naitalang kaso. Sang-ayon sa *Report ng Board of Sanitation* ng Maynila at *Philippine Health Records*, sa bayan ng Mariquina, Mayo hanggang Disyembre taong 1902, 86 sa mga Mariqueño ang naitalang kaso samantalang 62 ang nasawi. Cf. Philippine Health Records, *Weekly Reports*, Vol. 17, 1902, www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/journals.

ipinasailalim muna ni Eusebia Mendoza sa bayaw nitong si Jose Guevara II sa bisa ng *Corte testamentaria* (*Probate Court*). Ibibigay lámang ito kay Felicisima sa pagtuntong nito sa wastong gulang.

**KAPITAN MOY: POLITIKO, MUSIKERO, NEGOSYANTE (1885-1888)**

Pinasok ni Kapitan Moy ang politika nang manungkulan ito bílang *cabeza de barangay* (MCTTIPO 6; MCL, *The Great Pioneers of the Marikina Shoe Industry* 142; Manang Doring, 2016) ng Mayamot (sakop noon ng Mariquina) at *capitan municipal* ng Mariquina (Bernardo 270) noong 1885 hanggang 1886. Nagsimulang gamítin ni Kapitan Moy ang *Don* noong 1887. Dahil sa kagustuhan niyang makatulong sa bayan, tumakbo siya bílang *gobernadorcillo* ng Mariquina. Isa lámang ang *gobernadorcillo* sa mga katungkulang maaaring takbuhán ng isang Pilipino noong panahong kolonyal. Isa ring musikero si Kapitan Moy. Ayon kay Manang Doring (2016), isang magaling na musikero si Kapitan Moy:

> Sabi ni Ka Celso Angeles, isa sa mga apo nina Felicisima at Servando delos Angeles, si Kapitan Moy daw ay magaling kumanta at tumugtog ng mga instrumentong yari sa kawayan. Kaya't kaniyang napasagot ang kaniyang asawa na taga-Marikina rin (Manang Doring, 2016).

Bumuo ng isang banda si Kapitan Moy sa Mariquina (Manuel 222; NHI 115) na pinamunuan ng isang *maestro de musica* na túbong Pandakan, Maynila. Tinawag niya itong *Banda Aguila* o *De Viento* na naging bukás sa mga patimpalak. Lumaban ang bandang ito sa *Cerenata de Antipolo* ngunit hindi ito nagtagal dahil sa mga personal na suliranin (Paz 157). Noong mga panahong iyon, malimit na pag-alayan ng mga patimpalak ang *Nuestra Señora dela Paz y Buen Viaje* ng Antipolo. Tampok dito ang iba't ibang awiting Salve at serenata (TNJ, 2015). Binuo ni Kapitan Moy ang banda sa dalawang kadahilanan. Una, upang tugunan ang pangangailangan ng kabataang nahilig sa musika katulad ng mga *veladas*, *tertulias*, at *bodas*. Pangalawa, upang sugpuin ang kamangmangan ng iláng kabataang hindi makapasok sa paaralan at walang pinagkakaabalahan (Bernardo 268). Bago pa man buoin ni Kapitan Moy ang banda, umiral na sa Mariquina ang samaháng pang-orkestra noong 1872. Binuo ito ng kura paroko ng Mariquina na si Jacinto Zamora na noo'y malápit nang hatulan ng kamatayan. Siya'y malapít sa puso ni Kapitan Moy. Kilalá rin sina Segundo Roxas, Domingo dela Paz, Hilario Paz, Exequiel Trinidad, Crispin Santos, at Canuto de Guzman bílang magagaling na musikerong Mariqueño (Paz 157).

Likás din kay Kapitan Moy ang pagiging negosyante. Bago niya pasimulan ang paggawa ng sapatos, naisipan niyang magtinda ng kung ano-ano sa labas ng simbahan na malápit sa kanilang tahanan. Pagkatapos, lilipat siya sa umpukan ng matatanda upang makipag-usap tuwing araw ng Linggo. Nakapagpatayo rin ang kanilang pamilya ng unang panaderya sa bayan ng Mariquina, ang *Siempre Vivo*. Ipinagpatúloy ito ng kaniyang asawang si Eusebia at sa tulong ng panaderong si Gervacio Caro (Tirad 128). Napunta ito sa pamunuan ng kaniyang asawa at anak na babae pagkatapos mamatay ni Kapitan Moy. Natugunan ng panaderya ang pangangailangan ng mga kababayan at iláng Amerikanong humimpil sa Mariquina noong dantaon 20 (Cuneta 137). Sa Mariquina nakilala ang *Pan Americano* o *American Bread* (Tirad 128). Madalas na maging parokyano ng panaderya ang mga Amerikanong sundalo at ang ilan sa mga ito ay nagkagusto pa nga sa magandang anak ni Kapitan Moy na si Felicisima na noo'y 13 taon lámang. Dahilan din ito ng matibay na pagkakaibigan sa pagitan ng angkan ni Kapitan Moy at ng mga Amerikano (Villereal 181).

## KAPITAN MOY BÍLANG "AMA NG INDUSTRIALISASYON" (1887)

Sa kasaysayan, sinasabing si Kapitan Moy ang unang nagpasimula ng industriya ng sapatos sa Mariquina. Bagama't sa ibang talâ, bago pa man ito simulan ni Kapitan Moy, mayroon nang gumagawa ng mga sapatos sa nayon (Salonga, 1934 kay Lagos 81). Ika nga, pinag-aaralan at binabalangkas pa lámang ni Kapitan Moy ang disenyo ng sapatos, may ilan na ring mga negosyante ang bihasa at nagtagumpay sa ganitong larang. Gayunpaman, malinaw na isang Pilipino ang nagpasimula ng industriyang ito sa Mariquina. May haka-hakang ibinenta ni Kapitan Moy ang kanilang tiráhan sa Sta. Elena kay Teresa dela Paz upang mamuhunan sa binabalak niyang negosyo na paggawa ng mga sapatos (Lagos 81) bagama't sumasaliwa ang ganitong haka-haka sa realidad ng búhay ni Kapitan Moy.

Isang aksidente lámang kung titingnan ang pagkakatuklas ng sapatos sa Mariquina. Ayon sa mga talâ, *bakya* ang unang nalinang ng mga Mariqueño noong 1879. Mayroong isang magsasaka ang nasugatan sa talampakan at upang makapaglakad, naglabra ang kaniyang kasamahan ng kahoy na mula sa tukod ng araro na inihulma sa sukat ng talampakan. Nakapaglakad nang maayos ang magsasaká (Paz 106-107). Umunlad ang paggawa ng mga bakya sa Mariquina. Ito na ang naging kabúhayan ng mga katutubo kaya umangkat pa sila ng mga *kahoy de labra* sa karatig-bayan na Montalban dahil naubos na ang mga kahoy sa Mariquina. Nagtaka tulóy ang mga taga-Montalban kung bakit napadalas ang pagpunta ng mga Mariqueño sa kanilang

kabukiran. Nadiskubre nila ang bagong kabúhayan ng mga Mariqueño na noo'y naglalabra ng mga bakya. Naging dahilan ito upang maghigpit ang mga taga-Montalban na bigyan sila ng mga kahoy. Hindi naglaon, naging magkakompetensiya ang Mariquina at Montalban sa paggawa ng mga bakya. Gayumpaman, hindi natalo ng hulí ang kalidad ng ginawang bakya ng mga Mariqueño.

Umunlad ang paggawa ng bakya hanggang sa makadiskubre ang mga Mariqueño ng bagong kasuotan sa paa na tinawag nilang *tsinelas*. Ito ay ginawa nila at ipinagbili sa harap ng simbahan o palengke. Gayumpaman, hindi naiwasan ang pagkalugi. Ang mga papaunlad na industriya ng bakya at tsinelas ay hindi nagtagal dahil sa mga kompetisyon at kakulangan sa puhunan. Isa si Kapitan Moy sa mga nagtayo ng pagawaan ng tsinelas. Ang ilan sa kaniyang mga naging trabahador ay sina Agapito dela Paz, Ignacio dela Paz, at Rufino Hipolito (Paz 110). Aksidenteng nakita ni Kapitan Moy ang likha ni Blas Eustaquio na isang gawang-kamay na hinulma sa talampakan ng tao (Bernardo 268-269). Ito ay gawa sa pinanipis na balát ng baka at tinahi sa paligid ng kahoy. Dito na pumasok ang maagang pagkatuklas sa paggawa ng sapatos.

Sinimulan ni Kapitan Moy ang adhikain niyang gumawa ng sapatos sunod sa disenyo ni Blas Eustaquio. Sa tulong ng anak ni Blas na si Tiburcio [**Larawan 8**], pinayuhan ng hulí si Kapitan Moy na makagagawa lámang sila ng matibay na sapatos kung bibili sila ng yaríng sapatos sa Maynila. Walang karanasan sa paggawa ng sapatos si Kapitan Moy kaya't tinungo nito ang Maynila upang bumili ng sapatos. Nagtungo siya sa *bazaar* ng kaniyang ama sa Escolta (ngayo'y kinatatayuan ng *Manila Banking Corporation*) upang masaksihan ang mga Tsinong Macao na magagalíng sa paggawa ng mga bakya at sapatos. Ayon sa mga Tsino, ang pagsusuot ng sandalyas ay katangian ng isang maykaya sa búhay. Maituturing ang *Calle Escolta* at *Calle Magallanes* bílang malaking tagatustos ng hilaw na materyales sa paggawa ng sapatos. Kilalá sa lugar ang mga sapaterong sina Ah Cong at Ah Sing na pinagkunan ng idea ni Kapitan Moy. Bumili sa kanila si Kapitan Moy ng dalawang pares ng sapatos. Bumili rin siya ng iláng sapatos sa mga negosyanteng sina Secker at Roench (MCL, *The Great Pioneers of the Marikina Shoe Industry* 142; MSIHC 138). Nagmasid si Kapitan Moy sa mga sapatusan sa *Calle Magallanes* lalo na sa kamag-anak ni Tasio Littico (Anastacio Liquitco) na noo'y parokyanong namimili ng asukal sa Mariquina at San Mateo.



Larawan 8. Tiburcio Eustaquio (MCL 2013b, 143)



Larawan 9. Gervacio Carlos (MCL 2013b, 145)



Larawan 10. Ambrocio Sta. Ines (MCL 2013b, 144)

Sa pagbabalik ni Kapitan Moy sa Mariquina, napagdesisyunan nina Gervacio Carlos [**Larawan 9**] (yumari ng entrada ng sapatos); Ambrosio Sta. Ines [**Larawan 10**] (tumahi ng suelas ng unang sapatos); at Pedro Jacoba/Pedro Torres (unang nagtakong sa sapatos) na bakbakín ang yaring sapatos nang malaman nila kung paano ito ginawa ng mga Tsino. Pinag-aralan kung paano ito ginawa at maibabalik sa orihinal na katangian (Cuneta 136). Hindi nabigo si Kapitan Moy sa pagkukumpuni ng binaklas na sapatos ngunit hindi ito kasing kinis ng mga sapatos na ginawa ng mga Tsino sa Escolta. Naimpluwensiyahan ni Kapitan Moy ang mga táong ito na magmasid pa kung paano ginagawa ng mga Tsino ang sapatos. Nagtungo sila sa *Calle Sibacong* o *Calle Villalobos*, Quiapo kung saan hili-hilera ang mga gumagawa ng sapatos (MSIHC 138). Hindi lámang isang araw nagtagal ang pagmamasid. Nagpabalik-balik sila sa Maynila upang masaksihan ang proseso ng paggawa, na siyáng pinagtataka ng mga Tsino na naghihinalang kumukuha lámang sila ng idea.

Maliban sa pagkukumpuni, pinakiusapan ni Kapitan Moy ang kaniyang kapatid na si Don Remegio na noo'y nasa Europa ng iba't ibang hulma ng sapatos sa Barcelona, España (Bernardo 269) at Britaniya (Lagos 81) upang magkaroon siya ng idea sa paggawa ng sapatos. Kaagad namang dinala ang mga hulma sa Pilipinas ng bayaw ni Remegio na si Felix Resurrecion Hidalgo, ang kakontemporaneong pintor ni Juan Luna (MSIHC 139). Dahil may pagkakaiba ang mga materyales ng sapatos na mula sa Europa at Pilipinas (Manuel 220-221), humingi ng konsultasyon si Kapitan Moy sa mga tagatustos ng hilaw na materyales sa paggawa ng sapatos sa Meycauayan, Bulacan (Bernardo 269; Manuel 221). Itinanong ni Kapitan Moy ang mga posibleng lokal na materyales na gagamítin sa paggawa ng sapatos bílang alternatibo. Naging trabahador ni Kapitan Moy sina alyas Venancio, Dadyo, at Teto Isidro (Manuel 221).

Nagpatúloy ang paggawa ng sapatos ni Kapitan Moy at mga kasamahan sa kanilang *entresuelo*. Kinalauna'y nagtalaga siya ng anim na babaeng Marigueña upang gumawa ng sapatos (Bernardo 270). 1887 ang maituturing na pinakamahalagang taon sa kaunlaran ng Mariquina dahil sa panahong ito unang nagawa ang sapatos. Dito rin unang nagawa ang iba pang mga sandalyas, *butitos* (sapatos ng mga babae), *media entrada*, at *tuscanas* (sapatos ng mga prayle) (Bernardo 269; NHI 115). Unang naging parokyano ni Kapitan Moy si Padre Jose Zamora na bumili sa kaniya ng isang pares ng *tuscanas* sa halagang 2.50 piso (Lagos 81; NHI 114).

Kinalaunan, naisipan ni Kapitan Moy na magtayo ng pagawaan ng sapatos bílang solusyon sa hírap na dinanas ng mga Mariqueño sapagkat ipinairal noon ng mga Español ang pagbabayad ng *cedula personal* at hindi lahat ng kalalakiha'y nais ang pagsasáka. Minabuti nilang paigtingin ang industriya ng sapatos at mga sandalyas sa Mariquina (Cuneta 136). Nagkaroon ng interes ang ilang kababayan na gumawa ng sapatos upang ipagbili. Sa katunayan, makikita sa bawat *silong* ng kabahayan sa Mariquina ang pagawaan ng sapatos (Joaquin 140; MCTTIPO, 2011). Libreng nagturo si Kapitan Moy sa mga nais matutong gumawa ng sapatos. Isa pa, umunlad ang pakikipagpalitan ng mga hilaw na materyales at yaríng sapatos sa pagitan ng Mariquina at Escolta. Hindi naglaon, humiwalay na si Tiburcio Eustaquio at iba pang mga kasáma kay Kapitan Moy upang magtayo ng sariling negosyong pagsasapatos. Dahil dito, kumuha muli ng panibagong mga trabahador si Kapitan Moy. Kabílang dito sina Crispin Santos at Eduardo Victorino na kalauna'y nagtayô din ng sariling pagawaan noong 1885 (Manuel 222).

**HULÍNG SANDALI SA BÚHAY NG BAYANI (1891) AT KASALUKUYANG PAGKILALA**

Namatay si Kapitan Moy noong Disyembre 30, 1891[15] sa kaniyang bahay sa Sta. Elena dahil sa kanser sa leeg at lalamunan (Tirad 127). Sa taon ng kaniyang kamatayan, tinatayang mayroon nang higit sa 15 pagawaan ng sapatos ang Mariquina na noo'y sumailalim sa kaniyang pagtuturo (Bernardo 270).

Sa kaniyang kamatayan, ang gobernador-heneral ay si Valeriano Weyler na siyáng pumalit kay Eulogio Despujol (PSP 203; Totanes 255). Nabatid pa ni Kapitan Moy noong Disyembre 1, 1891 ang balita mula sa Calamba, Laguna na ipinatapon ng

[15] Ayon sa pag-aaral ni Tirad (2007, 128), Agosto 28, 1893 ang petsa ng kamatayan ni Kapitan Moy. Gayumpaman, mas sasandigan ang taóng 1891 dahil sa mga mayoryang talâ na nagsasaad na ito ang petsa ng kaniyang kamatayan.

mga Español ang higit 25 pamilya kasáma ang pamilya ni Jose Rizal dahil sa kanilang pag-aalsa laban sa buwis ng *hacienda* (PSP 210). Isa sa mga ipinatapon ay si Manuel Hidalgo, bayaw ni Jose Rizal. Personal itong kakilála ni Kapitan Moy dahil kamag-anak ito ni Felix Hidalgo (na bayaw ng kapatid ni Kapitan Moy). Sa pamamagitan ng mga Rizal at Hidalgo, nabása ni Kapitan Moy ang mapanghawang sanaysay ni Rizal noong 1891, ang *Filipinas dentro de cien años*, na inilathala sa *La Solidaridad* sa Madrid at maging ang nobelang *El Filibusterismo*.

Namatay si Kapitan Moy bílang *Ama ng Industriyang Sapatos ng Mariquina*. Iginawad sa kaniya ito ng dating alkaldeng si Bayani Fernando (BF). Ang kaniyang bahay na noo'y ipinaayos ni Apolinario Mabini ay tinawag na bílang *Sentrong Pangkultura ng Marikina* at kinalauna'y naging *Paaralang Sentral ng Marikina*. Ang nasabing bahay ay naging espasyo ng samo't saring paglilingkod sa bayan ng Mariquina. Pagkatapos ng kaniyang kamatayan, ang bahay ay naging unang pagawaan o pabrika ng sapatos sa Mariquina (TUR, 2016). Ginamit din ang bahay bílang tulúyan ng mga kababayang walang matirhan noong dantaon 20. Higit sa lahat, nakilala ito sa mga gawaing sibiko. Bukod sa naging *courthouse* noon ang bahay ni Kapitan Moy (TUR, 2016), naging saksi rin ito sa rebolusyon na naganap sa ilalim ng tatlong kolonisador. Una, sa panahon ng mga Español, naging tulúyan ang bahay nina Andres Bonifacio at iláng Katipunerong tumawid sa Mariquina bago ang Rebolusyong 1896. Pangalawa, ginawang *Cuartel General* ang bahay noong panahon ng mga Amerikano lalo na ni Frank Murphy (Tirad 128). Panghuli, naging *headquarters* ito ng mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (TUR, 2016). Kasabay ito ng paggawa ng mga angkan ni Kapitan Moy ng sapatos na gagamitin ng mga sundalong Pilipino (72nd Division) sa nasabing digmaan (Lagos 83).




Sa pagpanaw ni Kapitan Moy noong 1891, tulúyang umunlad ang pagawaan ng sapatos sa iba't ibang bahagi at *bazaar* ng Mariquina. Ang kaniyang mga kababayan ay nagsipagtutong gumawa ng sapatos, nagtayô ng mga *bazaar*, nagsipag-aral ng mga bagong taktika at idea sa paggawa ng sapatos at ang ilan sa kanila ay nag-angkat na ng mga produkto.

Larawan 11. Kalye Kapitan Moy.
Kuhang larawan ng may-akda noong Oktubre 11, 2020.

Sa kamatayan ni Kapitan Moy, maraming pagkilala ang iginawad sa kaniyang pangalan at karangalan. Isang liwasan o kalye [**Larawan 11**] ang isinunod sa kaniyang pangalan sa kasalukuyang Barangay Sta. Elena na katabi ng simbahan. Malapit sa kaniyang lumang tiráhan, itinayo naman ang kaniyang monumento [Larawan 12]. Noong 1957, isang monumento ni Kapitan Moy ang ipinagawa sa Liwasang Sapatero sa pangunguna ng *Marikina Shoes Producers Association Inc.*[16] bílang pagkilala sa kaniyang kadakilaan na kaniyang ipinamana sa Mariquina (Meralco 10). Ito ay ipinatayo sa panunungkulan ni Gil Fernando bílang alkalde at sinuportahan ng mga negosyante (PBM, 1986)[17] bagama't matagal nang iminumungkahi ni Teofilo Reyes o "Batang Halang" ang pagpapatayo sa monumento ni Kapitan Moy. Matatandaang si Reyes ang nagsulong noon ng pagpapatayo rin ng *Sine Kababayan* (*Sine Bayan*) at naging pangulo ng *Legionarios del Trabajo de Mariquina* (MCL, *The Great Pioneers of the Marikina Shoe Industry* 145). Inilipat noong 1974 ang monumento sa harap ng gusaling pampangasiwaan ng *Marikina Shoe Trade Fair* (PBM, 1986). Inilipat lámang ito sa kasalukuyang kinalalagyan nang buoin ang *Kapitan Moy Monument Reconstruction and Renovation Committee* (PBM, 1986).



Larawan 12. Monumento ni Kapitan Moy. Kuhang larawan ng may-akda noong Oktubre 11, 2020.

Sa kasalukuyan, ang tahanan ni Kapitan Moy ay isa nang pamanang yaman ng Mariquina. Ito ay naglilingkod ngayon bílang isang restoran [**Larawan 13**] na isinunod muli sa kaniyang pangalan (LNL, 2015). Gayundin ang paaralang Kapitan Moy Elementary School [**Larawan 14**] sa Marikina Heights. Naging paaralan din

[16] Sa panahon ng pagkakatayo sa monumento, ang mga opisyal ay sina Narciso Samson (Pangulo), Purisimo San Diego (Pangalawang Pangulo), Octavio de Asis (Kalihim), Ignacio Cruz (Ingat-Yaman), Demetrio dela Paz (Tagasuri), Macario Tiu (Tagapayo), Domingo de Guzman (Tagapayo), at Jose Ortiz (*Legal Officer*) (PBM, 1986).

[17] Ang mga tumulong at nagbigay ng abuloy ay ang Marikina Chinese Chamber of Commerce, pamilya ni Celso delos Angeles, Marlet Shoe Corporation, Kristylyn Shoe Factory, Ignacio Shoe Factory, Valley Shoe Corp. Inc., Chibum Shoe Corp., Roma Shoes and Bags, Carmelletes Shoe Factory, Alta Roda Shoe Factory, Philippine Shoe Co., Phong Shoe Factory, American Golden Shoes, Inc., Minerva Shoe Factory, D. Tactacan Shoe Factory, Rhoda Shoe Factory, Getts Shoe Factory, Shoestring, Inc., Fran Trade International, Inc., H. Lazaro Shoe Factory, Valentino Shoe Corp., Otto Shoe Factory, Gerry Alcantara Shoe Factory, Chicco Shoe Factory, Vivian Shoe Factory, Mars Shoe Factory, Jaime Capco, at Bayani Fernando (PBM, 1986).




Larawan 13. Café Kapitan Restaurant. Kuhang larawan ng may-akda noong Oktubre 11, 2020.




Larawan 14. Kapitan Moy Elementary School. Kuhang larawan ng may-akda noong Oktubre 13, 2020.

noon ang mismong tahanan ni Kapitan Moy pagkatapos itong idoneyt ng angkan sa pamahalaan noong Marso 11, 1912 (KMES, w.tn). Naging ganap na paaralang elementarya ang Kapitan Moy noong Hunyo 4, 1976 (KMES, w.tn). Sa pagdaan ng panahon, inilipat ang Paaralang Kapitan Moy sa pinaghahatiang espasyo nito sa Marikina Elementary School bago ang taóng 2000 (Basijan, 2020). Kinalauna'y inilipat muli ang Paaralang Kapitan Moy malapit sa/mismo sa Marikina Heights High School (na itinayo naman noong Mayo 30, 2000 at naging hiwalay na paaralan noong Marso 2, 2004) (MHHS, 2004). Sa ngayon, isa nang hiwalay na paaralan ang Kapitan Moy Elementary School [cf. Larawan 14]. Patunay ang paaralang ito sa naging kontribusyon at pagkilala kay Kapitan Moy ng mga Mariqueño.

**PAGTATAPÓS**

Maaaring ipook ang Mariquina sa iba't ibang aspekto – *Angkan Angkan Festival*, *Salamyaan*, *Industriya ng Sapatos*, at kay Kapitan Moy. Nakaugat sa *Kasaysayang Pampook* ng Mariquina. Gayumpaman, kakaunti ang mga pag-aaral tungkol sa kaniyang *Kasaysayang Búhay* at *Kasaysayang Pampook* ng mga Mariqueño.

Natugunan ni Kapitan Moy ang pangangailangan ng bayan. Kahit siya ay pumanaw na, naramdaman ng mga Mariqueño ang kaunlaran pagkatapos ng panahon ni Kapitan Moy (1891) hanggang sa kasalukuyan. Sa katunayan, naging buo ang interes ng mga Mariqueño upang gumawa ng sapatos nang dumating ang mga Amerikano sa Pilipinas (Joaquin 68). Taóng 1935 nang nakapagbukas ang Mariquina ng 139 na pagawaan ng sapatos na nakagawa ng 260,078 na pares ng sapatos pambabae at 86,692 na pares para naman sa kalalakihan. Tinatayang umabot sa 762,896 ang

kabuoang kità ng nasabing produksiyon sa panahong iyon. Si R.R. McGuire ang unang Amerikanong sundalong nagtayô ng pabrika ng sapatos gámit ang makinarya (Angeles 12; Romero, 2016). Itinatag niya ang *United States Shoe Company* na kinalauna'y naging *Hale Shoe Factory* na pinamunuan naman ni Mr. Hale. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lubhang humina ang kalakalan ng sapatos at upang ipagpatúloy ang industriya, nagkaroon na lámang ng barter upang ipalit sa bigas ang mga sapatos (Cuneta 136).

Pagkatapos ng digmaan, lumaki ang kità ng Mariquina sa sapatos hanggang sa kasalukuyan. Sang-ayon sa tinuran ni Robert Shaffer (MFMEAI, 1982) sa *Marikina Shoe Trade Commission*: "*I frankly and candidly expressed my views as to the capability of the factories that I inspected to produce footwear acceptable to the foreign buyers, particularly to the American consumers*". Kilalá sa panahong iyon ang 26 na pagawaan ng mga sapatos[18] sa kabila ng mga sigalot sa pagitan ng mga Tsinong Macao (Manuel 222) at mga magsasapatos ng Mariquina.[19]

Taóng 1956 nang magkaroon ng katuparan ang pinasimulan ni Kapitan Moy nang iproklama ang Mariquina bílang *Shoe Capital of the Philippines* (MCPDO, 2013). Napatunayan ito noong 1969 dahil iniangkat na ang mga sapatos na ginagawa sa Mariquina sa iba't ibang bansa sa Europa katulad ng Italy, Spain, Japan, United Kingdom, Czechoslovakia, Switzerland, Germany, at Romania.

---

[18] Kabílang sa mga ito ang *Stork Shoes* na pagmamay-ari ni Carmelita Samson, *Fabulous I & II* ni Fabian Pasco, *Queen Annie Shoes & Bags* ni Quirino Santos, *Valley Shoe Factory Inc.* ni Severino Samson, *Lu Lee Tha* ni Lolita Lazaro, *Lino's Shoes* ni Delfin Angeles, *American Bike Shoes* ni Narciso Samson, *J Shoes* ni Jose Mendoza, *Francis Shoes* ni Lorenzo Perez, *Danny Deb's Shoes* ni Apolinar Santos, *Peter's Shoes* ni Alfredo Suapengco, *Geryson Shoes* ni Federico Bautista, *Valentino Shoes* ni Elpidio Valentino, *Rempson Shoes* ni Severino Samson, *Margo Shoe Factory* ni Mariano Santiago, *Lobells Shoe Inc.* ni Josefina Cruz; *Queen Miller Shoes* ni Zacarias Fulgencio, *Stewartson Shoes* ni Antonio Suapengco, *Florich Shoe Factory* ni Flora Gatdula, *Mars Shoes* ni Pablo Mariano, *Emma's Original* ni Amado Javier, *Larry's Sandals* ni Ludivico Evaristo, *Cruzer* ni Eugenio Cruz, *Sandals by Stork* ni Soledad Caparaz, *Stork Original* ni Hernando Caballes, at *Chancellor* ni Rosario de Dios.

[19] Nagkaroon ng direktang ugnayan ang mga Mariqueño sa mga Tsino sa Gandara Nueva at iláng bahagi ng China Town hinggil sa negosasyon sa sapatos ngunit sinasabing naging mapanlamang sa pagkakataong ito ang mga mangangalakal na Tsino. Binuo ni Wenceslao dela Paz ang samahang *Oras Na* o *The Hour is Now* na naglalayong iboykot ang mga Tsino na nakalaban nila sa merkado ng sapatos. Napagkasunduan nilang huwag magbenta ng yaríng sapatos sa mga Tsino at itigil ang pagbili ng mga hilaw na materyales mula sa kanila. Bunsod nito, binarakadahan ng mga nagsipag-aklas ang tulay ng Barangka, Marikina upang mapigilan ang operasyon ng pagbebenta ng mga sapatos sa Mariquina. Pagkatapos ng pangyayaring ito, napagdesisyunan ni Eustaquio na magtayo ng sariling pagawaan ng sapatos sa Calle Gandara na may pangalang *Tindang Bayan*. Kinalaunan, nagtayo rin siya ng isa pang pagawaan sa Calle R. Hidalgo, Quiapo na may pangalang *Marikit*. Inilipat kinalaunan sa Avenida, Rizal ang dalawang pagawaan ni Eustaquio ngunit hindi na sa kaniyang pamumuno kundi kay Don Francisco Sta. Ana, Sr. at sa kaniyang mga anak na laláking sina Jose, Mariano, at Francisco Jr. Nagtayo rin sina Herminigildo at Roman Santos ng pagawaan sa Avenida, Rizal at Plaza Goiti, ang *H. Santos Shoe Store* at *Star Shoes* (MSIDC 18).

## TALASANGGUNIAN

### Primaryang Batis


Buzeta, Manuel at Felipe Bravo. "The Ecclesiastical System in the Philippines". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXVIII*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 266-289. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1850.

Delgado, Juan. "Religious Conditions of the Islands". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXVIII*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 163-191. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1751-1754.

Diaz, Casimiro. "The Augustinians in the Philippines, 1670-1684". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLII*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 117-312. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1718.

Fayol, Joseph. "Affairs in Filipinas, 1644-1647". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXXV*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 212-275. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1644-1647.

Kapitan Moy Elementary School (KMES). "School History". Talang binasa sa Kapitan Moy Elementary School, w.tn.

Mallat, Jean, 1846. *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry, and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*, tsln. Pura Santillan-Castrence at Lina Castrence. Manila: National Historical Institute, 1983.

Marikina City Planning and Development Office (MCPDO). *Facts and Figures: Marikina City 2012*. Marikina City: Marikina City Planning and Development Office, 2013.

Marikina Cultural Tourism Trade and Investment Promotions Office (MCTTIPO). *Marikina City Tourist Sites [Brochure]*. Marikina City: Marikina Cultural Tourism Trade and Investment Promotions Office, 2011.

Marikina Footwear Manufacturers and Exporters Association, Inc. (MFMEAI). *Marikina: Shoe Capital of the Philippines*. Marikina: Marikina Footwear Manufacturer's and Exporters Association, Inc., 1982.

Marikina Heights High School (MHHS). Plakang binasa sa Marikina Heights High School, 2004.

Marikina Shoe Industry Development Council (MSIDC). *Marikina Shoe Industry History Timeline*. Marikina: Marikina Shoe Industry Development Council, w.tn.

Mas, Sinibaldo de. "Public Instruction". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLV*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 246-262. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1843.

Meralco. *Meralco Magazine: Marikina in the Third Quarter*. Manila: Meralco, 1966.

Murillo Velarde, Pedro. "Jesuit Missions in the Seventeenth Century". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLIV*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 27-119. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1749.

Niedos, Juan de. *Rellacion delos Conventos y Pueblos Fundadod per PP Augustinos*. Madrid, Spain: Archivo Nacional, 1723.

Pamahalaang Bayan ng Marikina. "Paunawa" at "Pasasalamat". Plakang binasa sa monumento ni Kapitan Moy, 1986.

Quezon, Manuel. *The Good Fight*. New York: D. Appleton-Century Company, 1946.

Rojo y Vieyra, Manuel Antonio de. “Rojo’s Narrative”. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLIX*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 176-261. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1763.

Salcedo, Juan de. “Relation of the Voyage to Luzon”. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume III*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 73-104. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1570.

San Agustin, Gaspar de. “Letter on the Filipinos”. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XL*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 183-295. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1720.

San Antonio, Juan Francisco de. “The Religious Estate in the Philippines”. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXVIII*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 104-162. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1738.

Tavera, Trinidad Pardo de. *El Sanscrito en la Lengua Tagalog*. Paris, Impr. de la Faculté de médecine, A. Davy, 1887.

Walang may-akda. “Events in the Filipinas, 1686-88”. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXXIX*, eds. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 131-148. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, w.tn.

Zuñiga, Joaquin Martinez de. *Historia de Filipinas*. Fr. Pedro Argueles, Manila, 1803.

**Sekondaryang Batis**

Agoncillo, Teodoro. *History of the Filipino People; Eight Edition*. Commonwealth, Quezon City: Garotech Publishing, 1990.

Almario, Virgilio. P*anitikan ng Rebolusyon(g) 1896: Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.

Alvarez, Kerby. “El Pueblo de Tambobong: Isang Kasaysayan ng Malabon noong Dantaon 17 at 19”. Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, eds. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin at Adonis Elumbre, 141-157. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan, 2012.

Angeles, Nonet. *Tracing Marikina City’s Cultural Heritage Through the Appraisal of Marikina Footwear Industry’s Photographs*. Masteradong Tesis, Library and Information Science. Quezon City: University of the Philippines Diliman, 2015.

Aquino, Clemen. “Pagbabahagi ng Kuwentong Búhay: Isang Panimulang Pagtingin”. Nasa *Gender-Senstive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers*, ed. Slyvia Guerrero, 83-116. Quezon City: University of the Philippines Press, 1999.

_____. “Mga Kuwentong Búhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Araling Panlipunan”. Nasa *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon: Everyday Life in a Time of War*, eds. Thelma Kintanar, Clemen Aquino, Ma. Luisa Camagay, at Patricia Arinto, 390-399. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006.

Arcilla, Jose. “Ateneo de Manila: Problems and Policies, 1859-1939”. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 32.4 (1984): 377-398.

Bernardo, Fernando, awt. “Laureano Guevara”. Nasa *Silent Storms: Inspiring Lives of 101 Great Filipinos*, 209-210. Pasig City: Anvil Publishing House, 2000.

_____ awt. "Laureano Guevara". Nasa *Gems of Philippine History: Inspiring Lives of 150 Great Filipinos*, 268-270. Laguna FABEN Associates, 2011.

Bondoc, Salome, ed. *The New Philippine Almanac*. Hong Kong Encleare Foundation, 2006.

Camara Dery, Luis. *A History of the Inarticulate: Local History, Prostitution, and Other Views from the Bottom*. Quezon City: New Day Publishers, 2001.

_____. Alay sa Inang Bayan: *Panibagong Pagbibigay-Kahulugan sa Kasaysayan ng Himagsikan ng 1896*. Manila: The National Historical Institute, 2008.

Cazelles, Brigitte. "Introdution". Nasa *Images of Sainthood in Medieval Europe*, eds. Renate Blumenfeld-Kosinski at Timea Szell, 1-18. Cornell University Press, 1991.

Cruz, Michael Angelo. "Biyograpiya, Kasaysayang Pampook at Kasaysayan" Nasa *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*, eds. Mark Joseph Santos at Axle Christien Tugano, 93-104. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.- Bahay Saliksikan ng Kasaysayan, 2019.

Cuneta, Armando, ed. *Aklat Kasaysayan ng Kamaynilaan*. Manila: KASAFI-MM, 1997.

Dagli, Winifredo. *Pamamaybay sa Ilog Lagnas: Isang Panimulang Pagbabalangkas ng mga Piling Usapin sa Bundok Banahaw*. Masteradong Tesis, Sosyolohiya, Quezon City: University of the Philippines Diliman, 2013.

Daquila, Sonia. *Seeds of Revolution: Analysis of Life and Works of Dr. Jose Rizal*. Bacolod City: Brainbow Essentials, 2009.

delos Angeles, Nato. Servando Manahan de los Angeles, I. 2019a. https://bit.ly/2IEYseU. Inakses: 17 Oktubre 2020.

_____. Felicisima Mendoza Guevara-de los Angeles. 2019b. https://bit.ly/3kakUKS. Inakses: 17 Oktubre 2020.

de Vera, Ma. Gracia. "Pakikipagkuwentuhan: Paano Kaya Pag-aaralan ang Pakikiapid?" Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit. Filipino Psychology: Theory, Method, and Application*, ed. Rogelia Pe-Pua, 187-193. Quezon City: University of the Philippines Press, 1982.

Dulawan, Manuel. *Oral Literature of the Ifugao*. Intramuros, Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2005.

Elumbre, Adonis. "Kasaklawan ng mga Larangan sa Bagong Kasaysayan: Búhay, Bayan, at Kabanwahan". *Saliksik E-Journal*, 3.1 (2014): 1-29.

Florendo-Imao, Cielo. "See You at the Salamyaan". Nasa *Kaangkan 2002: Salamyaan sa Ilog*, eds. Melvin Cruz, Jun Aguilar, at Jojo Pinga, w.p. Marikina City: Walang Tagapaglathala, 2002.

Gopinath, Aruna. *Manuel L. Quezon: The Tetulary Democrat*. Quezon City: New Day Publishers, 1987.

Greer, Allan. "Colonial Saints: Gender, Race, and Hagiography in New France". *The William and Mary Quarterly*, 57.2 (2000): 323-348.

Gripaldo, Eden et al., eds. *Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino*. Quezon City: University of the Philippines Sentro ng Wikang Filipino, 2003.

Gwekoh, Solomon. *Stars of Baler*. Manila: APO Book Company, 1939.

Ibañez, Jett Viola. *Marikina, Daloy ng Lahi*. Manuskrito, St. Scholastica's Academy, Marikina City, Philippines, w.tn.

Javar, Roderick. "Sinulat ka Ngunit Kulang: Ilang Historiograpikong Suliranin sa Pananalambúhay Batay sa mga Akdang Nasulat Hinggil sa Pribadong Búhay ni Manuel Luis Quezon". *Saliksik E-Journal*, 3.1 (2014): 30-79.

______. “Kasaysayang Búhay: Pananaw, Pamamaraan, Pananaliksik”. *Saliksik E-Journal*, 5.2 (2016): 1-47.

Joaquin, Nick. *Manila, My Manila: A History for the Young*. Manila: Vera-Reyes, 1990.

Kimuell-Gabriel, Nancy. “Ang Tundo ni Bonifacio, Si Bonifacio sa Tundo”. *Saliksik E-Journal*, 3.2 (2014): 26-78.

Lagos, Ma. Concepcion Rapisora. S*apatero in Marikina City: Enacting Economies in the Philippines' Footwear Capital*. Disertasyon, Philippine Studies, Quezon City: University of the Philippines Diliman, 2018.

Lakbay ng Lakan (LNL). The Kapitan Moy: Marikina's Roots in One Home. 2015. https://bit.ly/3dxS7NA. Inakses: 17 Oktubre 2020.

Legarda, Benito. *After the Galleons: Foreign Trade, Economic Change and Entrepreneurship in the Nineteenth-Century Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999.

Lopez, Cecilio. *Origin of Marikina*. Marikina City: Marikina Historical Society, w.tn.

Majul, Cesar Adib. *Muslims in the Philippines*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 1999.

Manuel, E. Arsenio. *Dictionary of Philippine Biography, Volume 1*. Quezon City: Filipiniana Publications, 1955.

Marikina City Library (MCL). “Marikina's Festivals”. Nasa *Marikina 1630: A Marikina City Library Compilation*, ed. Maria Lourdes Mojar-Buenconsejo, 191-194. Marikina City: Publication of Marikina City, 2013a.

______. “The Great Pioneers of the Marikina Shoe Industry”. Nasa *Marikina 1630: A Marikina City Library Compilation*, ed. Maria Lourdes Mojar-Buenconsejo, 141-145. Marikina City: Publication of Marikina City, 2013b.

______. “The Marikina History”. Nasa *Marikina 1630: A Marikina City Library Compilation*, ed. Maria Lourdes Mojar-Buenconsejo, 36-48. Marikina City: Publication of Marikina City, 2013c.

Marikina Shoe Industry History Committee (MSIHC). “Ang Pagyari ng Unang Sapatos sa Marikina”. Nasa *Marikina 1630: A Marikina City Library Compilation*, ed. Maria Lourdes Mojar-Buenconsejo, 137-139. Marikina City: Publication of Marikina City, 2013.

McCoy, Alfred, ed. *An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994.

Medina, Isagani. “Beyond Intramuros: The Beginnings of Extramuros de Manila up to thr 19th Century: A Historical Overview”. Nasa *Selected Papers of the Annual Conference of the Manila Studies Association, 1989-1993*, ed. Bernardita Reyes-Churchill, 50-67. Manila: Manila Studies Association, 1994.

Mojares, Resil. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006.

National Historical Commission of the Philippines (NHCP). *First Shoe Factory in Marikina Historical Marker*. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2015.

National Historical Institute of the Philippines (NHI). *Filipinos in History Vol. 3*. Manila: National Historical Institute of the Philippines, 1992.

Navarro, Atoy at Adonis Elumbre. “Nonay: Limot na Bayani ng Himagsikan”. *Saliksik E-Journal*, 3.2 (2014): 238-258.

Navarro, Atoy at Patricza Andrhea Torio Braganza. “Marina Dizon: Mutya ng Katipunan”. *Saliksik E-Journal*, 6.2 (2017): 155-174.

Navarro, Atoy. "Bagong Kasaysayan at Kasaysayang Bayan: Pambungad sa Pag-aaral ng Kabuuang Kasaysayang Pilipino". *Balitang ADHIKA*, 5.1 (2000): 3-4.

_____. "Briccio Pantas at ang Katipunan sa Batangas". *Bayaning Batangan 1*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 2015.

_____. "Mga Akdang Likasyan sa Konteksto ng Pagsusulat ng Makabago at Napapanahong Kasaysayang Pampook sa Pilipinas". Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, eds. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin at Adonis Elumbre, 32-45. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan, 2012.

Nepomuceno-Van Haugten, Maria Lina. "Edukasyon ng Bayani: Mga Impluwensya ng Edukasyong Natamo sa Kaisipang Rebolusyonaryo". *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies*, 14.2 (1998): 21-54.

Ocampo, Ambeth. "Gomburza". Nasa *Kasaysayan: The Story of the Filipino People; Volume Five, Reform and Revolution*, eds. Milagros Guerrero at John Schumacher, 14-15. Asia Publishing Company Limited, 1998.

Oteza, Grace. "Pakikipagkwentuhan: Isang Pamamaraan ng Sama-samang Pananaliksik, Pagpapatotoo, at Pagtulong sa Sikolohiyang Pilipino". *PPRTH Occasional Papers Series 1*, 1997.

Palmer, James. *Early Medieval Hagiography*. Arc Humanities Press, 2018.

Pama, Hermel. *'Ragpa kan Pagkaba'go': A Deconstructive Ethnography of the Detritus of Modernity in Bikol's Coastal Villages*. Disertasyon, Antropolohiya, Quezon City: University of the Philippines Diliman, 2014.

Pambansang Suriang Pangkasaysayan (PSP). *Kalendaryong Pangkasaysayan (1521-1969)*. Ermita, Manila: Ang Pambansang Suriang Pangkasaysayan, 1996.

Paz, Andres. "The History of Marikina Shoe Industry". Nasa *Marikina 1630: A Marikina City Library Compilation*, ed. Maria Lourdes Mojar-Buenconsejo, 104-137. Marikina City: Publication of Marikina City, w.tna.

Petras, Jayson. *Angkang Marikeño, Angkan ng mga Mabubuting Tao: Ang Kapistahan ng mga Angkan sa Marikina Tungo sa Pagbubuo at Paggigiit ng Bayan*. Manuskrito, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 2006.

_____. "Bayan at Pagkabayan sa Salamyaan: Ang Pagpopook ng Marikina Sa Kamalayang Bayang Marikenyo". *DALUMAT E-Journal*, 1.2 (2010): 93-104.

Philippine Health Records (PHR). *Weekly Reports*, Vol. 17. 1902. www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/journals. Inakses: 17 Oktubre 2020.

Private User. Manuel A. Zarcal. 2014. https://bit.ly/2FC1D5Y. Inakses: 16 Oktubre 2020.

Quirino, Carlos. *Quezon: Paladin of Philippine Freedom*. Manila: The Filipiniana Book Guild, 1971.

Rivera-Mirano, Linette. "The Pabasa of San Luis, Batangas". *Asian Studies*, 22-24 (1984): 99-116.

Rosales, Amalia at Raul Roland Sebastian. *Historia: Pag-usbong, Pakikipagtagpo, at Pagbubuo*. Quiapo, Manila: Mary Jo Publishing House, Inc., 2008.

Roth, Dennis Morrow. "Church Lands in the Agrarian History of the Tagalog Region". Nasa P*hilippine Social History: Global Trade and Local Transformations*, eds. Alfred McCoy at Ed de Jesus, 131-53. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982.

Said, Edward. *Orientalism*. Great Britain: Redwood Burn Limited Trowbridge & Esher, 1978.

Salazar, Zeus. 1985. "Pantayong Pananaw: Kasaysayang Pampook, Pambayan, at Pambansa". Nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, eds. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, 35-44. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000.

Salonga, Isayas, ed. "Rizal Province Directory, History, Government and General Information with the Full Text of the Philippine Independence Law". Nasa *The United States and its Territories 1870-1925 The Age of Imperialism, 1934*.

Santiago, Carmen at Virgilio Enriquez. "Tungo sa MakaPilipinong Pananaliksik". Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit. Filipino Psychology: Theory, Method, and Application*, ed. Rogelia Pe-Pua, 155-160. Quezon City: University of the Philippines Press, 1982.

Santiago, Luciano. "The Last Hacendera: Dona Teresa de la Paz, 1841-1890". *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 46.3 (1998): 340-360.

Tan, Samuel. "Between Two Centuries". Nasa *History from the People: Kasaysayan Mula sa Bayan; Volume 1*, ed. Eden Gripaldo, 20-25. Quezon City: Philippine National Historical Society at National Historical Institute, 1998.

Taytay ni Juan (TNJ). At naglakbay ang Birhen ng Antipolo. 2015. https://bit.ly/3j60P73. Inakses: 17 Oktubre 2020.

The Urban Roamer (TUR). "Kapitan Moy": The Birthplace of Marikina Shoemaking. 2016. https://bit.ly/2IAHpdM. Inakses: 19 Oktubre 2020.

Tirad, Aurora de Vera. *Ang Angkan at ang Kaniyang Bansag: Pagtugaygay sa Isang Aspekto ng Kasaysayang Kultural ng Marikina*. Masteradong Tesis, Philippine Studies, Quezon City: University of the Philippines Diliman, 2007.

Totanes, Henry, ed. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People; Volume 10: A Timeline of Philippine History*. Hongkong: Asia Publishing Company Limited, 1998.

Tugano, Axle Christien. *Kasaysayan ng mga Ilustrados at ang Gampanin sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kamalayang Pilipino*. Manuskrito, Polytechnic University of the Philippines, Manila, 2015.

______. "Ang Kababaihan ng Katipunan, ang Katipunan sa Kababaihan: Isang Diskurso sa Ambag ng mga Babae sa Himagsikang Pilipino". *Saliksik E-Journal*, 6.2 (2017): 97-154.

Ubaldo, Lars Raymund. "Kasaysayang Pasalita Bílang Pamamaraan sa Kasaysayang Pampook". Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, eds. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin at Adonis Elumbre, 73-87. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan, 2012.

Veneracion, Jaime. *Agos ng Dugong Kayumanggi: Isang Kasaysayan ng Sambayanang Pilipino*. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2003.

Villareal, Rogelio. "Marikina's Historical Sites and Landmarks". Nasa *Marikina 1630: A Marikina City Library Compilation*, ed. Maria Lourdes Mojar-Buenconsejo, 180-190. Marikina City: Publication of Marikina City, w.tn.

Winslow, Donald. *Life-Writing: A Glossary of Terms in Biography, Autobiography, and Related Forms*. Honolulu: University of Hawai'i Press, 1995.

Wolters, W. "A Comparison Between the Taxation Systems in the Philippines Under Spanish Rule and Indonesia Under Dutch Rule During the 19th Century". *Asian Studies*, 21 (1983): 79-106.

**Personal na Komunikasyon**

Basijan, Jomar. Personal na Panayam sa Kapitan Moy Elementary School, Marikina City. 13 Oktubre 2020.
Capangpangan, April. Personal na Panayam sa Sta. Elena, Marikina City. 3 Hulyo 2016.
dela Paz, Efraim. Personal na Panayam sa Sta. Elena, Marikina City. 10 Hulyo 2016.
Manang Doring. Personal na Panayam sa Sta. Elena, Marikina City. 10 Hulyo 2016.
Romero, Gina. Personal na Panayam sa Marikina Shoe Museum. 2 Hulyo 2016.
Sapalicio, Monet. Personal na Panayam sa Sta. Elena, Marikina City. 2 Hulyo 2016.
Tactacan, Segundina. Personal na Panayam sa Sta. Elena, Marikina City. 14 Hulyo 2016.
Torres, Jose Victor. Personal na Panayam sa *Facebook*. 15 Oktubre 2020.

## ANG SALIKSIK

Binása sa Unang Pambansang Kumperensya sa Kasaysayang Pampook at Pamanang Kultural na may temang *Kapitbayan: Kasaysayang Lokal ng Tundo, Marikina, at San Juan* noong Agosto 23, 2018 sa Polytechnic University of the Philippines San Juan Campus. Ang nasabing kumperensya ay pinagtulungan ng tatlong organisasyong nagsusulong ng adbokasiya upang pag-aralan ang mga lokal na kasaysayan: *Sentro ng Araling San Juan*, *Kapisanan ng mga Mananaliksik sa Kasaysayan ng Marikina* (KAMAKASAMA), at *Samahang Pangkasaysayan ng Tundo* (SAKATUNDO). Nirebisa para sa publikasyong ito.

## TUNGKOL SA AWTOR

Si **AXLE CHRISTIEN J. TUGANO** ay nagtapos ng BA History sa PUP bilang Batch Valedictorian (*magna cum laude*). Tinatapos ang digring MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal sa Katipunan Journal ng Ateneo de Manila University, Tala Kasaysayan Journal ng University of Santo Tomas, Saliksik Journal ng Bagong Kasaysayan, at ilang mga pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas at at marami pang iba.

Ang kanyang interes sa pananaliksik ay pumapatungkol sa Kasaysayang Kolonyal ng Pilipinas, Ugnayan ng Pilipinas at Ibayong Dagat, Araling Diaspora, at Lokal na Kasaysayan. Tumatawid minsan sa pag-aaral ng Historiograpiya na kanyang binasa noon sa School of Arts and Humanities, University of Lisbon, Portugal. Nakapagturo ito sa Polytechnic University of the Philippines, Pamantasan ng Lunsod ng Marikina, Our Lady of Fatima University, at Lyceum of the Philippines University.